

ESPIRITU NG KATOTOHANAN



Manatili po muna tayong nakatayo pansumandali habang mananalangin tayo. Iyuko natin ang ating mga ulo.

² Matuwid naming Amang Makalangit, habang dumudulog kami sa Iyo sa oras na ito sa buong-kasapatang Pangalan na iyon ng Panginoong Jesus, kami nga'y nagnanais na magbigay sa Iyo ng papuri para sa bagay na Iyong ginawa para sa amin, sa bagay na nakita ng aming mga mata, at bagay na narinig ng aming mga tainga sa huling mga araw na ito sa pagtatapos ng mga kaganapan ng kasaysayan ng mundong ito, sa panahon na ito na unti-unti nang pumaparam ang oras patungo sa Walang Hanggan, at nakikita namin ang mga Ilawan na nagliliwanag na, na anupa't nalalaman namin na di na magtatagal ngayon hanggang sa Pagparito ng Panginoong Jesus.

³ Hinihiling po namin sa Iyo, Makalangit na Ama, na Iyo po kaming alalahanin sa gabing ito. At kung mayroon man pong kasamaan sa amin, Iyo pong alisin ito, Panginoon, sa gabing ito, upang maging karapat-dapat kami sa Iyong harapan kung darating Ka man sa gabing ito. Amin pong ipinapanalangin ang mga maysakit at mga nangangailangan.

⁴ Ipinapanalangin namin ang Iyong Iglesya, dito man o sa ibang bansa, sa buong palibot ng mundo, ang Iyong mga anak sa lahat ng dako sa bawat bansa, upang mahugasan namin ang aming mga balabal sa Dugo ng Cordero, at mapakinggan namin ang pagtawag na 'yun, "Narito, dumarating ang Nobyo. Kayo'y magsilabas na upang salubungin Siya." Nawa'y magawa namin 'yan sa oras na 'yun, Panginoon, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng kabutihan ni Jesus na Siyang aming pinagkakatiwalaan, na pag-iigihin namin ang amin pong mga ilawan at susulong sa oras na 'yun para salubungin ang Nobyo. Iyo pong kunin ang Salita ng Panginoon sa gabing ito at tuliin ang aming mga puso. Iyo pong iwaksi ang lahat ng anumang di pananampalataya. Iyong pagkalooban kami ng isang dakilang gawain. Sa Pangalan ni Jesus ay amin itong hinihiling. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁵ Tunay na napaka inam po na makabalik dito sa . . . dito sa santuwaryong ito ng Panginoon, sa gabing ito, sa gawain. Tayo ay nagtamasa ng isang napaka maluwalhating panahon kagabi doon sa . . . kina Kapatid na Groomer. At naalala ko rin na nung nakaraang taon ay nagkaroon din tayong isang maluwalhating panahon.

⁶ Lagi tayong nagtatamasa ng maluwalhating panahon, saan man. Talagang pinagpala tayo ng Panginoon nang buong higit na sagana, higit sa naisip ko kailanman na Kanyang gagawin.

Mangyari ngang Siya'y punung-puno sa tuwina ng kahabagan at kabaitan. Sadyang napaka inam na makilala Siya. Hindi po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At ang isipin na "Ang makilala Siya, ay Buhay." Ang makilala Siya, ay Buhay.

⁷ Ngayon, bukas ng gabi, pupunta kami sa Central Avenue Assembly, sa palagay ko 'yun ang tawag dun. Kina Kapatid na Fuller, na isang napaka buti ring kapatid. At sa tingin ko isa 'yung malaking simbahan sa dakong 'yun. At umaasa kami na marahil maaari kaming makapagdaos dun—ng pila para sa pananalangin, kung ayos lang po 'yun kay Kapatid na Fuller. Kaya kami. . .

⁸ At pagkatapos, sa—sa kinaumagahan, pupunta naman kami sa, sa palagay ko, dito sa tinatawag nilang Apostolic Church dito sa Phoenix. At di ko lang maalala kung sino 'yung pastor po dun, 'yung kapatid dun, kung sino. Nakabisita ba ako roon nung nakaraang taon? [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Hindi pa. Bago lang, na Mehikanong simbahan ito, Kapatid na Branham."—Pat.]

⁹ At pagkatapos sa Linggo ng gabi sa simbahan naman ng ating minamahal na Kapatid na Outlaw sa dako rito, sa Jesus' Name Church. At ako nga'y may labis na pananabik, at maging ang pamilya ko, na makapunta roon at makapakinig ng ilang magagandang pag-aawitan nila dun.

¹⁰ Siguradong kabisadong-kabisado ni Billy Paul 'yung awit na 'yun, hanggang sa kaliit-liitang bahagi nun, sa puso niya. Pinapatugtog kasi namin 'yung awiting 'yun na, *I'm Going Up, Up*, hanggang sa, sa totoo lang po, halos mapudpod na namin 'yung, teyp. Isasalang niya 'yun sa tanggapan, at kahit anong oras pa ako ng araw magpunta dun, kahit ano pa, naaabutan ko siyang pinapatugtog 'yung, "Up, up, up." Katangi-tangi po talaga! Paulit-ulit naming pinapatugtog 'yun, at 'yung plaka po ay halos mapudpod na.

¹¹ Alam n'yo, medyo may nararamdaman ako ngayong gabi. Heto nga't, medyo paos ako. Naisip ko tuloy, "Ano kaya't, may makita kaya akong kahit sino, na puwedeng magsalita para sa akin," at saktong namang napatingin ako sa dako rito at nakita ko si Jack Moore. Tamang-tama kako. Kahit kailan ay hindi po ako. . . Oh, sa palagay ko napaka inam talaga nito, Kapatid na Jack. [Nagbibigay ng kaunting saloobin si Kapatid na Jack Moore—Pat.] Ngayon pakinggan n'yo po 'yan.

¹² At sa tingin ko nakita ko rin si Kapatid na Roy Borders na nakaupo rin, dito. Siyanga, po. Si Kapatid na Noel Jones din na nakaupo naman dito. Oh, grabe! Sadyang nasa buong paligid tayo, sa buong dako. Iniisip ko nga na marahil magandang oras ito, marahil, na ano kaya kung magpahinga muna ako nang kaunti, alam n'yo, at ang mga mainam na mga kalalaking ito ang tatayo rito't magsasalita para sa akin sa tuwing paos ako,

alam n'yo. Sabi tuloy ni Kapatid na Jack, "Ang Panginoon ay wala sa kapahayagang 'yan." Buweno, ako'y pagod talaga nung pagdating ko rito. At ako—at ako nga'y talagang para bang lagi na lang pagod, sa tuwina.

¹³ At nakikita ko naman ang mga tao rito na nakatayo riyon, at kung papaanong kinakailangan nilang tumayo, at ako nga'y may kagalakan sa akin na tumayo kasama nila. Ngayon, kayo po'y pagpalain ng Panginoon.

¹⁴ At tayo nga'y may pananabik ngayon sa iba't ibang mga pagtitipong ito na paparating. At mangyaring sa susunod na sanglinggo ay sa Pentecostal Assemblies naman, at tuluy-tuloy na. At sasadya din kami, sa susunod na Miyerkules ng gabi, sa 11th at Garfield. Di ko lang maalala ang lahat ng detalye sa isip ko ngayon. Sa ano po ito, sa palagay ko, sa First Assembly of God sa siyudad. At—at tapos magsisimula na 'yung malaking gawain sa Ramada.

¹⁵ At ngayon may malaking salu-salo para sa Business Men dito po sa—sa mismong pinaka siyudad ng Arizona, sa Tucson.

¹⁶ At, siyempre, alam nating lahat na itong Phoenix at iba pang lugar dito, ay gilid-gilid lang sa labas ng siyudad na 'yun. At tama po 'yun. Yun po ang pinaka siyudad. Yun po ang bayan ko, alam n'yo, kung matatawag na ganun, dito sa papaakyat lang ng burol. At itong dako po rito, ay para bang 'yung gilid-gilid lang nun, pero mangyaring, napakainam na lahat po kayo rito'y matatawag na mga kapitbahay ko.

¹⁷ Mangyaring, sa palagay ko si Kapatid na Rasmusson, nung isang gabi, may nasabi siyang ganoon sa isang pagtitipon, at, oh, grabe, talagang mapapahagulgol sana nun ang pagtitipon. Sa palagay ko nasa—nasa Houston kami noon. At si Ramsar po. Siya nga. Ang sabi niya, nung gabing bumaba ang Anghel ng Panginoon, kinunan nila 'yun ng litrato, at sabi niya, "Kayong lahat na mga taga-rito sa—sa Dallas," sabi, "alam natin na ito'y gilid-gilid lang ng Houston." At, oh, grabe! Di nga 'yun kayang tanggapin ng Texas di gaya rito, na ang ilan sa inyo rito'y kaya n'yo. Kaya nagkaroon tuloy ng malaking katahimikan dun sa pagtitipon.

¹⁸ Buweno, Siya pa rin ay napaka buti. At ngayon sa palagay ko ay bubuklat na tayo sa Kasulatan dito, at magbibigay lang ako ng kaunting patotoo pansumandali. Para mabago naman siguro nang kaunti? Talagang puspusan ang pagdikdik ko rito na tuloy ako'y nahihya na tumingin sa inyo. At marahil ako'y makapagbigay sa inyo ng kaunting kapahingahan, at magbigay ng kaunting patotoo tungkol sa kabutihan ng ating Panginoon.

¹⁹ Pumunta tayo sa isang dako rito sa San Juan, sa ika-16 na kabanata ng San Juan. At narito ako sa 16:12. Nais ko pong magbasa mula sa—mula sa isang bahagi rito ng Ebanghelyo ni San Juan. Gustung-gusto kong binabasa-basa ang Salita, dahil

ang Salita ang nagpapabatid sa atin ng Katotohanan. Simulan natin sa ika-12 talata, at pakinggan n'yo pong maigi ngayon, dahil gusto kong magbigay ng patotoo.

²⁰ At pagkatapos susubukan nating matapos nang medyo mas maaga-aga. Lagi ko na lang kayong pinapanatili nang matagal. At bukas din kasi ng gabi, hayan nga, magdadagdag tayo ng kalahating oras na mananatili tayo rito. Kaya aabutin tayo ng ala una, tama po ba? [Tumawa sina Kapatid na Branham at ang kongregasyon—Pat.] Heto, heto, simulan natin sa ika-12 talata.

Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis.

Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan, ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan; sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating.

Kanya ngayong . . . luluwalhatiin ako: sapagka't kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.

Ang lahat ng mga bagay . . . na nasa Ama ay akin: kaya sinabi ko, na siya'y kukuha sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.

²¹ Alam n'yo, nung nakaraang gabi, lalong-lalo na, nagkaroon tayo ng kaunting paghahalimbawa nun. Ngayon, tayo bilang mga mananampalataya sa buong Ebanghelyo, na naniniwala sa lahat ng pagkilos ng Espiritu Santo. At ngayon, sa ganoon lang tayo magiging buong Ebanghelyo, ay kapag sinampalatayanan natin ang buong Ebanghelyo, lahat ng isinulat ng Panginoon. At naniniwala ako na tayo, sa ganang sarili natin, wala tayong anuman. Tayo'y parang . . .

²² Gaya ng nabanggit ko kay Kapatid na Carl, kahapon, nung may tinitingnan kaming puno, sabi ko, “Hindi ba't napaka gandang puno 'yan ng palmera? Pero, kung tutuusin, wala nga 'yang anuman kundi tumpok lamang ng abo ng bulkan. Yun na 'yun lamang ito.” Tapos sabi ko, “Ano ngayong pinagkaibahan n'yan sa puno ng eyukalipto na 'yun. Buweno, ano ba ang puno ng eyukalipto? Hindi ba't abo galing sa bulkan, na may buhay na nasa loob nun.” Sabi ko, “Kung tutuusin, ano ba ako at ano ka? Abo ng bulkan, ganoon nga mismo, galing sa lupa; alabok ng lupa, na mayroong buhay sa loob.”

²³ Pero ang bawat buhay ay itanim ng pinaka mataas na tagapagbigay ng Buhay, at alam nga Niya kung sa papaanong paraan ba ito at kung anong dapat gawin. At lahat ng inilagay Niya rito sa lupa ay para sa kaluwalhatian Niya. Ang mga bituwin ay para sa kaluwalhatian Niya. Ang mga hangin ay

para sa kaluwalhatian Niya. Ang mga bulaklak ay para sa kaluwalhatian Niya. At tayo ay putong ng kaluwalhatian Niya.

24 Pero mistula ngang ang lahat ng mga bagay ay tumatalima sa Kanya liban sa tao. Ang tao kasi'y parang. . . May panahon ang tao noon, na haya't siya lang ang bagay na bumagsak. Ang lahat ay nanatili sa orihinal nilang kundisyon. Pero, bumagsak nga ang tao. Kaya naman, may pakikibaka ang Diyos sa kanya, para ilagay siya sa kalagayan na gawin niya ang tama, at siya'y tumalima.

25 At isa sa pinaka malaking suliranin ng Diyos, sa nagdaang mga taon, sa pagtugaygay ng iglesya sa kasaysayan nito, ay ang makahanap ng isang tao na mailalagay Niya sa ganap Niyang pamamahala. Isang tao lang ang kailangan Niya. Sa tuwina nga'y isang tao lang ang ginagamit Niya sa isang pagkakataon. Napag-aralan na natin 'yan mga ilang gabi na ang nakararaan: isang tao lang, hindi isang grupo. Isa lang ang nilalayan Niya. Yun lang ang kailangan Niya. Dahil, kapag dalawang tao ay may dalawang magkaibang kaisipan 'yan. Kaya isang tao lang ang kinukuha Niya, na mapagkikilanlan ang Kanyang Sarili sa isang tao na 'yun. Kahit kailan ay di Siya gumawa ng iba dun. Kita n'yo?

26 Ngayon, may kinuha nga Siyang isang Persona ngayon, at ang Persona na 'yan ay itong Siya na kababasa lang natin: ang Espiritu Santo. Siya ang Persona na ipinadala ng Diyos, ang Espiritu ni Jesus Cristo dito sa lupa, ang Espiritu ng Diyos, para ipakita at ihayag si Cristo sa pamamagitan ng Kanyang Iglesya, kita n'yo, para ipagpatuloy ang Buhay ni Cristo sa pamamagitan ng Iglesya.

27 Ngayon, isa nga itong kamangha-manghang bagay, at—at sa kabila nun ay napaka simple nito, kung hihinto lang tayo't pagbubulayan 'yan. Tayo'y nagpupumilit, tayo'y nanginginig, tayo'y—tayo'y natatakot, tayo'y labis na natutuliro't naliligalig at nag-aalinlangan, dahil sa kaiisip. “Buweno, dapat ba akong magpumilit?” Hindi ganoon. Dapat ay magpasakop, kita n'yo, na may pagtatanto kayo na kayo'y walang anumang, at sadya ngang hahayaan lamang Siya na ganap na mamahala sa inyo, mamahala sa inyong pag-iisip, mapamahalaan.

28 Ngayon, di ko nga ibig sabihin na basta lalapit kayo roon kay Cristo na—na basta—basta na lang blangko ang isip n'yo. Hindi ganoon ang ibig kong sabihin. Dudulog kayo sa Kanya na wasto ang pag-iisip n'yo, at sa isang—isang—isang pag-iisip na nagsisisi, at nagpapakumbaba. At pagkatapos ay magsasabi, “Panginoong Jesus, heto po ako. Ngayon, nasusulat po sa Iyong Salita, na Ika'y 'may marami pang bagay na dapat ay sasabihin sa mga alagad.' Sinabi Mo, 'Di pa nila kayang tiisin ang mga ito sa ngayon.'” At marahil 'yan ang kalagayan natin ngayon, di natin 'yun mauna-unawaan.

²⁹ Ang Diyos nga'y may kakayahang magpalitaw ng isang bagay na may kaunting pagkakaiba, at lubusan na agad natin itong babatikusin. Sa halip na saliksikin dapat sa Kasulatan para makita kung tama nga ba ito o hindi, agad-agad nating iniitsa-puwera 'yun, "Walang kabuluhan 'yan." Ang dapat nga sana nating gawin ay saliksikin ang mga bagay na ito, alamin kung tama ba ang mga ito o hindi. At alalahanin n'yo, kung ang mga ito'y di talaga tama, ang mga ito'y mamamatay din naman sa huli, dahil sinabi ni Jesus, "Bawat halaman na di itinanim ng Aking Amang nasa Langit ay bubunutin."

³⁰ Haya't sa palagay ko si Gamaliel ay binitiwang niya ang dakilang pahayag na 'yun nung panahon na 'yun, "Kung ito'y sa Diyos, di natin nais na masusumpungan tayo na kinakalaban natin Ito. At—at kung ito kasi'y di naman talaga sa Diyos, ito'y mauwi't mauwi sa pagkawasak ano't anuman." Kaya, pag-aralan n'yo ito at pagbulayan n'yo ito.

³¹ At ngayon, sabi nga Niya rito, "Kapag Siya, ang Espiritu Santo, ay dumating."

³² Ngayon, may nakapagsabi noon, medyo matagal-tagal na rin, ang sabi, sabi raw, "Ang Espiritu Santo ay kung tutuuusin itong mental na kaisipan mo lamang. Gawa ng isip mo." Kung ganyan ay ilalagay n'yan ang Espiritu Santo na isang kaisipan lamang.

³³ Pero ang sabi ng Biblia, "Kapag Siya . . ." At ang "Siya" ay isang panghalip na panao. Kita n'yo? Kita n'yo? "Kapag Siya," yaong Persona, ang Espiritu Santo, ang Diyos, "ay dumating, ihahayag Niya ang mga bagay na ito sa inyo, na mga sinabi Ko sa inyo."

³⁴ Kung kaya naman, nakita n'yo, wala ngang ibang paraan para malaman n'yo ang Katotohanan. Sa pamamagitan lamang talaga ng . . . Hinding-hindi n'yo nga ito puwedeng makuha sa pamamagitan ng kultura, sa pamamagitan ng mga karanasan mula sa seminaryo. Makukuha't makukuha n'yo lamang ito sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Siya Mismo ang pinadala para ihayag Ito.

Ngayon, mangyari ring, sinabi Niya, "At ipakikita Niya sa inyo ang mga bagay na darating."

³⁵ Ngayon, sa Mga Hebreo, unang kabanata, sabi dun, "Ang Diyos sa iba't ibang mga panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng mga propeta, subalit sa huling mga araw na ito ay nagsalita sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus." Kita n'yo? Ang Espiritu Santo mismo ito na nangangasiwa sa pagmamay-ari Niya, o kinukuha bilang pagmamay-ari Niya ang Iglesya, para pairalin si Cristo sa Iglesya. Pagkatapos, kayo'y magiging katulad kung ano Siya. Siya ay naging katulad kung ano kayo, para kayo'y maging katulad kung ano Siya. Kita n'yo? Siya'y naging kayo,

nang sa gayon kayo ay maging Siya. Anupa't, lampas nga ito sa kayang abutin ng unawa. Wala ngang paraan para ipaliwanag ito, at huwag n'yo ngang piliting subukan pa. Tanggapin n'yo lamang ito. Kanya Itong sinalita, at 'yun na 'yun. Sabihin n'yo lamang na ito'y tama. Sampalatayanan n'yo lamang Ito.

³⁶ Ngayon, nung isa pa akong kabataang Cristiano, lagi ko na pong sinasabi ang pahayag na ito. Ako nga'y nagagalak na naunang nahawakan ako ng Diyos bago pa man magawa 'yun sa akin ng simbahan. Mahirap masabi kung nasaan na kaya ako kung nagka ganoon. Pero ako—ako nga'y nagpapasalamat sa pangunguna at direktang pakikipag-ugnay na inilagag ng Espiritu Santo sa buhay ko, bago ko pa man isuko ito. Dahil, mula nung maliit na binatilyo pa ako, alam ko na talaga noon pa man na may kung anong Bagay. Siya'y nakipag-usap, at ako'y nakipag-usap sa Kanya. Kakausapin Niya ako pabalik. At mangyari ngang unti-unti kong napapansin na ang mga bagay na sinasabi Niya sa akin, nung ako'y maliit na binatilyo pa lang, ay haya't ang mga ito'y nangyayari nang sadyang sakto sa paraan ng pagkakasabi Niya sa mga ito kung papaano nga ba. Kaya dun pa lang ay alam ko nang totoo ito.

³⁷ Ngayon, ako'y matanda na ngayon. At ako—ako ni minsan kahit isang beses. . . At tawagin ko man ang buong mundo na—na huminto muna pansumandali, at hihilingin ko sa kanila. “Ituro n'yo ng inyong daliri sa kahit isang bagay lang na sinabi Niya sa akin, sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sa Pangalan ng Panginoon, na hindi ba't ang lahat nama'y ganap talagang katotohanan at nangyayari, at nagaganap, mula sa makalibong ilang libong mga bagay.” Ano bang. . .

³⁸ Anong dahilan at sinasabi ko ito? Kita n'yo, ipinagpalagay kong lahat tayo'y abo galing sa bulkan. Pero ito'y pangako ng Salita ng Diyos. Kaya naman, hindi ko maaaring ilagak ang aking pagtitiwala sa sarili ko. Hinding-hindi n'yo puwedeng ilagak ang pagtitiwala n'yo sa sarili n'yo. Pero, sa paglalakip, maaari nating ilagak ang ating pagtitiwala sa Bagay na siyang namamahala't pumapaibabaw sa ating lahat. Ang Espiritu Santo nga'y namamahala't pumapaibabaw sa atin. Dapat nga nating ilagak ang ating pagtitiwala Roon. At sa paglagak natin ng ating pagtitiwala Roon, ay siya namang pagdating ng mga resulta.

³⁹ Mangyari ngang di makatwiran na susubukan ko man lang na—na kutkutin ang kahit pinakaibabaw lang nito na sasabihin ko sa inyo ang mga bagay na ginawa ng Espiritu Santo sa sarili kong wasak-wasak na buhay, sa mga araw ko. Sinasabi ko po ito nang nakabuklat ang Kanyang Biblia, Kanyang Salita. At 'yun nga Siya. Siya ang Salita.

⁴⁰ Nakita n'yo, itong—itong Binhi na ito rito ay pumasok dun sa abo na galing sa bulkan, sa paraan ng isang espirituwal na

Katauhan. Dumating ang Diyos bilang Espiritu at gumawa sa pamamagitan ng abo na 'yun. Kaya, hindi ito tao. Diyos ito.

⁴¹ At kung ako nga ay mauupo, at gugugol ako ng panahon para isulat ang mga bagay na nasaksihan kong ginawa Niya, aabutin 'yun ng sanglangkap na mga aklat. At ang pagbulayan 'yun dito, na haya't limampu't tatlong taong gulang na ako, at magagawa kong sabihin sa harap ng Diyos mismo, sa Kanyang Iglesya, at sa Biblia, sa harapan ng grupong narito ngayon, na: ni minsan ni isang beses ay di ko Ito nakitang nabigo; sadyang ganap na ganap sa pagkakatumbok, sa lahat ng pagkakataon.

⁴² Bukod pa 'yung, isang araw nung ako nga'y papakanluran. Napakinggan n'yo na ito sa teyp, marami sa inyo, sa palagay ko, at nauunawaan n'yo ito. Di ko pa alam kung ano ito. Ako'y naghihintay. Narito ako ngayon. Di ko alam kung bakit. Ako nga'y naghihintay lang.

⁴³ Marahil ito'y panahon na ng pag-uwi ko. Mistulang ganoon na ganoon nga. Kung ganoon, may isa na lilitaw pagkatapos ko, na dadalhin ang Mensahe't ipagpapatuloy ito. Siya'y magiging isang kakaibang tao, pero siya'y lilitaw pagkatapos nito at dadalhin ang Mensahe't ipagpapatuloy ito. At pakinggan n'yo 'yun. Hangga't nasa Kasulatan 'yun, kayo nga'y manatili roon.

⁴⁴ Kung di naman, may darating nga na panibagong bahagi ngayon, dahil naniniwala ako na nabubuhay na tayo sa huling mga araw ngayon, at ako'y nagpapasalamat na nabuhay ako sa panahon na ito. Hinding-hindi ko nga ipagpapalit ang araw na ito sa anupamang ibang araw. Ito ang pinaka maluwalhating panahon na nagkaroon kailanman sa lupa. Wala na ngang iba pang panahon ang hihigit kailanman sa panahon na ito.

⁴⁵ Oh, ano na lang kaya ang gagawin nila Moises, Elias, Pablo, Silas, itong mga dakilang bayaning ito ng pananampalataya, nung panahong una, ano kaya kung sila'y makakabangon at bubuklat ng aklat ng kasaysayan, at makikita nila na saktong-sakto ang iprinopesiya nila noon, na hayan nga't naganap, at makikita nila kung nasaan na tayo sa panahon ngayon? Aba, talagang ipapabilanggo sila ng mga tao ngayon, sa isang oras pa lang. Tunay. Sila kasi'y magiging parang mga kalalakihan na di magkandamayaw, na paparoo't parito sa lansangan, na sing sigasig sa makakaya nila, pinagsisigawan ang Ebanghelyo. "Nalalapit na ang oras." Kaya naman nakikita natin, na sa gabing ito, ganoon na lamang kalabis na tayo'y nagkukulang sa kaluwalhatian ng Diyos.

⁴⁶ Pero ninanais ko ngang isalaysay ang isang pagkakataon, para ilagay ang iglesya . . .

⁴⁷ Siyanga muna pala, namigay ba si Billy Paul ng mga prayer card sa simbahang ito ngayong gabi? Kagagaling ko lang kasi ng Tucson mga ilang minuto ang nakararaan. [May nagsasabi, "Oo."—Pat.] Siya'y—siya'y namigay pala ng mga card. Ngayon,

magiging di kanais-nais na daan pa 'yan para madala sila rito. Pero susubukan natin.

48 Di naman po ako masyadong magpapakatagal, magbibigay lang ako ng patotoo patungkol sa Kasulatan na ito.

49 Na, tinutupad ni Cristo ang lahat ng Kanyang mga Salita. Tunay na tumutupad Siya. Tunay ngang tumutupad Siya. Kita n'yo? Kung ako sa sarili ko'y hindi ko 'yun matutupad; isa lang akong mortal, na nagkakamali. Siya'y imortal, di nagkakamali. Sa lahat ng pagkakataon ay tinutupad Niya ang Kanya. Kita n'yo? Pero ako nga'y may pagkakataon na di ko natutupad ang akin. May pagkakataon din na hindi n'yo natutupad ang inyo. Pero Siya'y sa tuwina. Oh, hindi ba't may pagtimo ang bagay na 'yan diyan sa inyo, ang malaman na Siya'y—Siya'y ganap na obligado na tuparin ang Salita? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

50 At nito ngang sanglinggo, mangyaring tumugaygay tayo sa buong Biblia, sa mga propeta't patriyarkang 'yun, at sa bawat pagkakataon ay ipinapakita dun na sa tuwing ang iglesya ay lumilihis palayo roon, ang Diyos ay nagpapadala ng isa roon at para ugain sila pabalik mismo sa Salitang 'yun, na ang iglesya ay mailinya uli. Laging ganoon. Yun ang patakaran ng Diyos. Pumipili Siya ng mga kalalakihan para gawin 'yun.

51 Ngayon, kung ang pinili Niya ay 'yung mga bituwin para ipangaral itong Ebanghelyo, nagawa na sana ito matagal na. Hinding-hindi kasi sila lilihis sa kalooban Niya. Kung ang pinili naman Niya ay 'yung—'yung araw para ipangaral ito, o 'yung —'yung mga hangin para ipangaral ito, hinding-hindi nga sila lilihis sa kalooban Niya. Kita n'yo.

52 Pero tayo nga'y nasa batayan ng malayang pagpili. Maaari nga nating gawin ang anumang gustuhin nating gawin. At 'yan ang dahilan kung bakit naging pasakit tayo sa puso Niya. Lagi na lang *ganitong* paraan, at gustung-gusto nating ipasok ang pansarili nating mga pamamaraan, at lumihis mula sa Kanyang pamamaraan. Kita n'yo?

53 At lagi ko—lagi ko na ngang sinasabi noon pa man, na ang tao'y laging pinupuri ang Diyos sa mga bagay na Kanyang ginawa sa nakaraan. At lagi ring isinasaysay ng tao ang mga bagay na Kanyang gagawin sa hinaharap. At pagkatapos, ay hayang ding, binabale-wala naman ang mga bagay na Kanyang ginagawa na mismo sa kasalukuyan. Kita n'yo?

54 Sasabihin nga ng tao, "Oh, hinawi ng Diyos ang Dagat na Pula. Oo. Luwalhatiin ang Diyos! Siyanga." "Oo, si Jesus ay darating uli. Hallelujah! Siyanga." Pero, ang pag-usapan Siya sa ngayon? "Ah, para 'yan sa ibang panahon." Kita n'yo? Kita n'yo? Palaging nakatuon sa mga bagay na ginawa Niya noon, sa mga bagay na gagawin pa lang Niya sa hinaharap, at binabale-wala ang bagay na ginagawa na Niya mismo ngayon.

55 Yan na 'yan mismo ang kalagayan na naabutan ni Jesus Cristo nung naparito Siya sa lupa noon. Siyanga. Ipinangako na mismo ng Diyos ang mga bagay na 'yun na ginawa Niya dun noon. At heto nga Siyang, nakatayo na mismo sa harapan nila, at di man lang nila Siya nakilala. "Siya noo'y nasa sanlibutan, at ang sanlibutan ay ginawa sa pamamagitan Niya, gayunma'y hindi Siya nakilala ng sanlibutan." Siyanga.

56 "Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, ay Kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos." Yun naman ang maluwalhating bahagi nito.

57 Mga ilang panahon na rin ang nagdaan, may isang munting pangitain akong gustong ipangusap sa inyo. At di ko po alam, marahil hindi ko pa ito nasasabi liban sa isang tao kung saan. Pero ako—ako nga'y nawalan kailan lang ng isa sa kahanga-hangang tao sa mundong ito, sa akin, ang aking nanay.

58 At mahal ko—mahal ko ang aking nanay. Lagi ko siyang nakikita noon na umiiwas na lang sa hapag, nung naghihirap kami noon, wala kaming makain! At si nanay... Si tatay ay mag-uwi ng kaunting tinapay, kapag pinapalinis siya sa isang tindahan, o kung ano, at bubuhusan nila 'yun ng kape, tapos lalagyan ng asukal sa ibabaw. At magkukunwari noon si nanay na di siya nagugutom, para kami na mga bata ay may makain. Oh, di ko—di ko 'yun makakalimutan. Kita n'yo? At maging 'yung maraming beses na kinakarga niya ako, at mga bagay na ginagawa niya para sa akin. Pero, alam n'yo, ang Diyos ay—ay mayaman talaga sa awa. Nauunawaan Niya ang lahat ng mga bagay na 'yun, kung sa anong panahon Niya ba sila kukunin. At minamahal ko—ko Siya dahil dun.

59 Sa tuwina, na haya't, bago ako mamatayan ng kamag-anak, lagi kong nakikita 'yun bago pa 'yun mangyari, sa pangitain.

60 Nakita ko 'yung sa kapatid kong lalaki, noong ako'y parang labing walo, labing siyam na taong gulang. Nakita ko siya bago siya pumanaw. Hindi pa nga ako Cristiano nung panahon na 'yun, pero nakita ko 'yung pangitain na biglang dumating sa harapan ko, nakita ko ang paglisan ng kapatid ko.

Nakita ko rin ang tatay ko bago siya lumisan.

61 Si Howard, marami sa inyo ang nakakaalala kay Howard. "Howard," naalala n'yo 'yung sinabi ko noon, dalawang taon bago 'yun mangyari, sabi ko, "Howard, nakita ko ang puwesto mo na namarkahan na. Ikaw na ang sunod." Sabi ko, "Dapat ka nang umayos, kapatid, dahil ikaw na ang sunod na lilisan." At nangyari nga, nang sadyang ganoon mismo. At pagkatapos, dito di pa katagalan...

62 Ngayon, umaasa akong ang dating ko rito'y di ako parang namumusong, pero, para ipakita lang sa inyo ang—ang siyang malasakit ng Diyos. Ang Diyos nga'y laging may malasakit sa maliliit na bagay, gaya ng pagpapahalaga Niya sa malalaking

bagay. Gusto ko ngang sabihin ito para sa kapakanan ng ilang butihing mga mangangaral na narito. Na marahil . . . At maging ang sarili ko'y isinasama ko rito.

⁶³ Ngayon, tayo nga'y, bawat isa sa atin, ay gustong maging katulad ni Billy Graham, pero tayo . . . At gusto rin ng bawat isa na maging isang Oral Roberts. Pero, tayo, di naman tayo isang Billy Graham o isang Oral Roberts. Tayo'y lingkod ng Diyos sa larangan na pinaglagyan sa atin. Kita n'yo? Kahit gaano pang kaliit 'yan, o gaano mang kalaki, parehas lang 'yan sa paningin ng Diyos, pareho lang sa tuwina, basta't kumilos lang nang naaayon sa dakong pinaglagyan sa inyo. Sa bawat pagkakataon kasi, isang dakilang bagay ang sumunod sa Panginoon.

⁶⁴ Mas gugustuhin ko pang makapagwagi . . . o magpunta't makapangusap sa isang simbahan na kahit may lilimampung tao lang dun, sa kalooban ng Diyos, kaysa sa magpunta't may limang libo ako roon na wala naman sa kalooban ng Diyos. Tunay. Ang Diyos nga'y mas higit ang magagawa sa isang tao sa Kanyang kalooban, sa isang oras, kaysa sa magagawa Niya sa isang tao na labas sa kalooban Niya, ng limampung taon. Kita n'yo? Ang tao na 'yun ay matitisod-tisod at matutumba-tumba, na parang nagpapahaka-haka lang sa dilim. Pero kapag ang isang tao'y naroon sa kalooban ng Diyos, at batid niya ang pagkatawag sa kanya, nararapat lamang na manatili siya roon.

At ngayon, mga pangitain, ang Diyos nga'y gumagawa sa pamamagitan ng mga ito. Ako . . .

⁶⁵ “Kung Siya, ang Espiritu Santo ay dumating, Kanyang ihahayag ang mga bagay na patungkol sa sinabi ko sa inyo.” Ngayon, hindi na nga kailangang hula-hulaan n'yo pa ito, kung papaano nga ba ito sa ibang paraan. Siya ang May-akda. Tiyak namang alam Niya kung anong isinulat Niya. Kita n'yo? Sinabi ng Biblia na isinulat Niya ito. “Ang mga tao noong una, na inudyukan ng Espiritu Santo, ay isinulat ang Salita.” At kung ang Espiritu Santo ang May-akda ng Salita, tunay na mas nalalaman Niya kung papaano Ito ipapaliwanag kaysa sa atin. Hayaan n'yong Siya ang gumawa ng pagpapaliwanag Nito. At nalalaman n'yo ba kung papaano, ano ang paraan ng Kanyang pagpapaliwanag Dito? Ngayon, huwag n'yo pong palampasin na di n'yo nakukuha ang mga bagay na ito kung dudulog kayo sa gawain para sa pagpapagaling. Masdan. Huwag n'yo itong palalampasin. Papaano nga ba Niya Ito ipinapaliwanag? Sa pamamagitan nga nito, sa pamamagitan ng pagpapatibay Rito, kita n'yo, ipinangyayari Ito mismo.

⁶⁶ Yan mismo ang sinabi ni Jesus. “Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan. Iniisip ninyo na sa mga Iyon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan; at ang mga Iyon ang nagpapatotoo kung Sino nga Ako. Ang mga Iyon ang nagsasabi patungkol sa Akin. At sino kung ganoon ang makahahatol sa Akin? Sinong

maaaring magparatang sa Akin ng kasalanan?” Ang *kasalanan* ay “di pagsampalataya.” “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na isinulat patungkol sa Akin, kung gayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan. Subalit kung ginagawa Ko ang mga gawa, at hindi ninyo Ako masampalatayanan pa rin, kung ganoon sampalatayanan ninyo ang mga gawa, dahil ang—ang mismong Salita ang nagsalita nito.” Kita n’yo? Pangkaraniwan na, pangaraw-araw na pagkaunawa lang naman ’yan.

Ngayon, ang Diyos, “Ang mga kaloob at mga pagtawag ay hindi nagbabago.” Alam natin na sinasabi ’yan ng Biblia. Yan nga ang sabi roon.

⁶⁷ Nasa halos, magdadalawang taon na rin ngayon. Ako nga noo’y. . . Isang araw ako’y naglalakad sa—sa loob ng bahay, at naupo ako sa isang upuan. Ngayon, para ngang kakaiba ito, na may isasaling isang hayop dun ang Diyos. Kagaya na lang ng isang minamahal na kapatid, patungkol sa pangitain na ’yun tungkol sa Langit, patungkol sa maiksing pagpanhik ko dun na nangyari sa akin; sa palagay ko naikuwento ko na sa inyo ang tungkol dito, minsan, o sa kung saang pagtitipon. Ang kapatid ngang ito’y sumulat sa akin ng liham nung isang araw, at ang sabi. . . Pinadala ’yun sa akin ng *Business Men’s Voice*. Sabi, “Tunay namang. . . ang pangitain mo ay napaka inam, Kapatid na Branham, ’yang tungkol sa pagpanhik mo roon. Pero, hayan nga, napaka inam na sana hanggang sa banggitin mo ’yung tungkol sa kabayo mo noon, na sinasakyan mo dati, na lumapit ’yun at idinantay nun ang ulo nun sa balikat mo.” Sabi niya, “Walang kabayo sa Langit, Kapatid na Branham. Ang Langit ay ginawa para sa mga tao, di para sa mga kabayo.” Buweno, sa isip-isip ko. . .

⁶⁸ Buweno, kadalasan, kapag may nakikita kang katulad nito, kinakailangan mo ngang ipaliwanag ang lahat sa kanila, dahil parang sinusubukan lang nilang maghanap ng mali sa iyo. Kita n’yo? Di n’yo nga kayang ipaliwanag ang Diyos, ano’t anuman. Kinakailangan n’yo lang sampalatayanan Siya.

⁶⁹ Pero para maluwagan siya kahit paano. Sabi ko, “Kapatid, di ko sinabing nasa Langit ako. Sa pangitain na ’yun, hiniling ko na makita si Jesus, at ang sabi nila Siya’y nasa ibayo pa mula roon. Ako nga’y nasa kalagayan na parang paraiso roon. Pero, baka may maitulong ito sa iyo, sinabi ng Biblia, sa aklat ng Apocalipsis, na, ‘si Jesus ay nagmula sa Kalangitan ng mga langit, na nakasakay sa isang puting kabayo. At ang lahat ng hukbo ng Kalangitan ay sumusunod sa Kanya, na nakasakay sa mga puting kabayo.’ Kaya mayroon at mayroong mangilangilan dun sa Kalangitan ng mga langit.”

⁷⁰ Ang Diyos nga’y may malasakit sa lahat ng bagay. Siya’y may malasakit sa mumunting mga bagay na ginagawa mo, o maging sa malalaking mga bagay na ginagawa mo. Siya’y may

pagpapahalaga kung papaano mo inaalagaan ang munti mong kawan, o sa iyo naman na iba ay kung papaano mo inaalagaan ang malaki mong kawan. Siya nga'y may pagpapahalaga.

⁷¹ Isang beses noon isang kilalang, butihing kapatid ko, kami nga'y naparoon noon sa isang—isang... nangingisda kami sa isang dako. Kagagaling ko lang noon, sa mga pagtitipon, ako'y nagpapahinga. Nangingisda kami roon gamit ang mga kuhol, at marami-rami rin kaming nabingwit na isda. At nung gabing 'yun inilalatag namin sa tubig 'yung linya ng pamingwit namin, at naubusan kami ng pamain. Nung kinahapunan, nagpunta ako roon para manghuli ng ilang mumunting isdang bluegill, 'yung maliliit na mga isdang 'yun. Hindi... Yung malalaki nun puwede n'yong kainin, pero kadalasan maliliit na pamaing isda ang mga ito. Initsa ko 'yung pamansi sa tubig, 'yung pamansi na may malalaking kalawit, isa-isa silang nahuhuli, inilalagay ko sila sa isang timba.

⁷² At may kung anong Bagay na biglang dumating sa akin, habang nakaupo ako sa bangkang 'yun. May kasama akong lalaki na dating Saksi ni Jehovah, at 'yung kapatid niyang lalaki ay kamakailan lang nung maligtas siya't napaspos ng Espiritu Santo, at kaya ang dalawang kalalaking ito'y kasakama namin dun. At habang hinuhuli ko 'yung mga isdang 'yun, hinuhuli namin, may kung anong Bagay na dumating sa akin nang biglaan. Sabi ko, "Alam n'yo, magkakaroon ng isang pagpapanumbalik muli ng buhay, na parang sa isang maliit na hayop mangyayari." Buweno, sa isang maliit na hayop?

⁷³ Ngayon, marami sa inyo ang nakakaalala dun sa paunang pagpapabatid ng Salita, na ang sabi noon, "May isang munting batang lalaki na ibabangon mula sa patay, na nabundol ng isang sasakyan." Si Kapatid na Jack Moore ay kasama ko sa gabing ito, naroon siya sa Finland nung mangyari ito. Kita n'yo? Marami sa inyo ang nakakaalala nung ikinuwento ko 'yun sa inyo rito, kita n'yo, sinabi ko pa nga sa inyo na isulat n'yo 'yun sa aklat n'yo. Pansinin.

⁷⁴ At si Kapatid na Wood ay bumaling, si Kapatid na Banks Wood, 'yung tatay nung batang lalaki na pinagaling, sa polio. At bumaling po siya't sinabi niya sa kapatid niya, "Magmatyag ka lang. May kung anong bagay na napipinto nang mangyari." Tuluy-tuloy lang ako roon sa pamimingwit ng isda, kita n'yo. Tapos ikinakawil namin 'yung mga isda sa pamansing namin.

Nung gabing 'yun wala kaming nahuli kahit isa.

⁷⁵ Nung sumunod na umaga ang sabi ko, "May ilang, kahit papaano'y mangilan-ngilan na, isdang bluegill sa banda roon."

⁷⁶ Sabi niya, "Sandali lang, siyanga pala, hindi ba't may nasabi ka na magkakaroon ng kung anong pagpapanumbalik ng buhay?"

Sabi ko, "Oo."

77 Sasabihin ko lang ito, nung umalis ako sa bahay noon, sila nga'y... Yung maliit kong anak na babae... Medyo ano kasi kami... Haya't maaari kayong mag-alaga nun kung gusto n'yo, siyanga po, kita n'yo, pero ako nga'y takot sa pusa. At hayan ngang di ko—di ko gusto 'yung mapamahiing pakiramdam na nakukuha mo kapag nariyan sila sa paligid. At kaya wala kami nun sa paligid ng bahay, at—at sa palagay ko nararamdaman nung pusa na natatakot ako sa kanya. Mangyari ring, takot ang tatay ko sa pusa. Kaya, hayan nga, alam ng maliliit kong anak na mga babae na di dapat sila magkaroon ng anumang pusa sa paligid dun. At 'yung maliit na...

78 Yung maliit kong anak na babae'y naglalakad noon dito sa kalsada kasama ang isa pang maliit na batang babae, at sa kanyang pag-uwi, 'yung mukha niya'y sobrang lungkot talaga ang itsura, at sabi niya, "Daddy?"

Sabi ko, "Anong gusto mo, anak?"

Sabi niya, "Nangyari na ang kinakatakutan mong bagay."

Sabi ko, "Ano 'yun?"

Sabi niya, "Kung alam mo lang po!"

Sabi ko, "Kung ganoon, sabihin mo sa akin."

79 Sabi niya, "May nagtapon kasi ng kaawa-awa't marungis na pusa, dito sa tabi ng kalsada rito." At sabi, "Yung pusa ay para bang malapit nang mamatay, di siya halos makalakad." At sabi, "Daddy, magagalit ka ba kung pakakainin natin 'yung pusa at aalagaan ito?"

80 Sabi ko, "Hindi naman ako magagalit. Kung gusto mo itong pakainin, basta't mag-iingat ka lang. Iwasan mong makalmot nito." Sabi ko, "Patingin nung pusa."

81 Kaya nung dalhin na nila 'yung pusa, kumuha ako ng kahon, at, hayan nga't, nung sumunod na umaga may maliliit na mga kuting na kami tuloy.

82 At pagkatapos, hayan nga, 'yung munti kong—'yung munti kong anak na lalaki, nung papaalis na ako, si munting Joseph, pinagmamasdan niya 'yung mga kuting. Oh, iniisip nga niya na nakakatuwa sila, alam n'yo, paakyat-akyat sa paligid, alam n'yo. At—at kaya dumampot siya ng isa sa kamay niya; medyo napsil niya nang sobrang hignipit, at nabagsak niya sa semento. At 'yung munting kuting ay namimilipit dun, nang namimilipit. Sa isip-isip ko "Oh, naku!"

83 At kaya naisip ko, "Buweno, ngayon, baka 'yung munting kaawa-awang kuting na 'yun, pagbalik ko sa bahay." Naalala n'yo naman siguro 'yung tungkol dun sa opossum. Naisip ko, "Buweno, baka 'yung kuting na 'yun ang tinutukoy." Kaya mangyaring nakahinto kami roon sa gitna ng isang munting look, nangingisda, at nakakahuli kami roon ng magaganda't

husto sa laking mga bluegill, habang iniitsa namin pabalik sa tubig 'yung maliliit pa.

⁸⁴ Si Kapatid na Lyle, na kapatid na lalaki ni Kapatid na Banks, siya'y nangingisda noon gamit ang isang bawig, na may malaking kawil, at may malaking tumpok siya dun ng pamaing bulate. Napabayaan niyang malunok nung munting bluegill 'yung kawil hanggang sa dumire-diretso 'yun sa munti nitong tiyan. At kaya nung hilain niya 'yun, sabi niya, "Naku, nakita niya sana na umabot na *roon*," umabot kasi nang halos *ganung* kalalim. At sadya ngang. . . Di niya matanggal palabas 'yung kawil, sa palagay ko. Wala ngang ibang paraan; kundi putulin na lang 'yung pamansi. At ayaw naman niyang masayang 'yung kawil niya. Kaya hinatak niya't sumama tuloy 'yung hasang, 'yung tiyan at lahat na, mula dun sa isda, nang *paganoon*, at inihagis 'yung isda sa tubig. At kumislot siya—kumislot siya nang mga tatlo o apat na beses at nagpalutang-lutang lang dun. Sabi niya, "Talagang ibinigay mo ang lahat ng makakaya mo, munting isda."

⁸⁵ Sabi ko, "Lyle, kapag nararamdaman mong papakagat na siya. . . Gumamit ka rin ng mas maliit na kawil diyan. Kapag papakagat na siya, hilahin mo itong linya ng pamansing na nakalutang diyan, at kapag papakagat na siya, hilahin mo siya agad. Kita mo? Bago pa niya makagat 'yun nang tuluyan at malunok 'yun, hilahin mo siya sa bibig pa lang niya." Sabi ko, "Yun ang diskarte sa paghuli sa kanila."

⁸⁶ "Ah," sabi niya, "nagkamali pala ako ng paghila," at kanya nang sinubukan. At mga ilang beses din niyang sinubukan, at mga tatlo o apat na beses niyang di nahuli. Ibinaba niya sa tubig 'yung pamansing, sabi, "Baka mapalunok ko lang uli 'yung isda."

⁸⁷ Kaya 'yung maliit na isdang 'yun ay nagpalutang-lutang sa tubig nang medyo matagal-tagal din, oh, sa palagay ko, umabot din ng mga tatlung minuto. At nagsisimula ng tumaas at umagos sa gawing 'yun ang mga alon.

⁸⁸ Sabi ko, "Buweno, kinakailangan na nating umalis maya-maya. Naka isang timba naman na tayo, kaya maaari na tayong umalis."

⁸⁹ Tapos tumayo ako, para ilatag 'yun bilang pain dun sa mga nakalutang na liryo, at hinatak ko 'yun. May ilang malalaking red-belly na isda na nagtatago roon. Kaya sinimulan ko nang, hilahin 'yung—'yung—'yung pain mula sa mga liryo, alam n'yo, inalog ko 'yun sa ibabaw nung mga liryo, at hinatak ko 'yun, gaya ng nalalaman n'yo na mga kalalakihan at kababaihan sa pangingsda.

⁹⁰ At nung akma ko nang gagawin 'yun, bigla na lang, may kung anong Bagay na bumaba mula sa mga burol, na parang Hangin na bumubuhos. At nagpunta Iyon sa akin. Ibinaba ko

'yung pamingwit, at tumayo sa loob ng bangka. Tumingin ako sa paligid. May narinig akong Tinig na ang sabi, "Nakikita mo ba ang munting isda na 'yan?" At naroon nga ang isda, na nakalutang dun.

⁹¹ Sabi ko, "Nakikita n'yo ba ang munting isda na 'yun?" halos kasabay lang nung sabihin Niya 'yun sa akin. Naroon nga't ang munti nitong mga palikpik ay tuwid at nanigas na, at palutang-lutang 'yun sa tubig nang magkakalahating oras na. At heto nga ang Biblia ko ngayon na nakalapag at nakabuklat dito. Kita n'yo?

At ang sabi Niya, "Magsalita ka sa isda, ipagkaloob mong muli sa kanya ang kanyang buhay."

⁹² At kaya nagsalita ako, "Munting isda, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkaloob ko muli sa iyo ang buhay mo."

⁹³ At 'yung mga kalalakihan dun ay napatayo, napamasid. Pumihit 'yung isda na 'yun sa likod nito, at pailalim sa tubig ay sumisid siya. Para ngang hihimatayin 'yung mga lalaking 'yun. Naghilamos pa nga noon ng tubig sa mukha si Lyle. Sabi niya, "Gigising din ako maya-maya." Sabi niya, "Alam kong—alam kong panaginip lang ito."

Sabi ko, "Hindi ka nananaginip."

⁹⁴ At nung panahon na 'yun, sa palagay ko may nasa ilan ako, sa listahan ko para sa pananalangin, na tatlumpu o apatnapung bata na may sakit na pumaparalisa. At ganoon na lamang na ang Diyos ay babaling, mula sa mga batang 'yun na may sakit na pumaparalisa, at bubuhayin 'yung munting isda, anupa't ipinapakita lang n'yan na Siya ay may malasakit sa lahat.

⁹⁵ Bakit Niya gagamitin ang Kanyang kapangyarihan para sumpain ang isang puno ng igos, gayong nasa libo-libo ang may sakit na ketong sa lupain? At nilampasan lang Niya 'yung mga ketongin na 'yun at nagpunta't isinumpa ang puno ng igos. At ang sabi, "Wala nang sinuman ang makakakain pa mula sa iyo," at natuyo ang puno ng igos. Ginamit ang kapangyarihan Niya, para ipakita na Siya'y nagbibigay-pansin maging sa mga puno. Gayon din na nagbigay-pansin Siya sa isda.

⁹⁶ Siya'y nagbibigay-pansin sa inyo. Siya'y nagbibigay-pansin sa akin. At Siya'y may pagbibigay-pansin na makita ang Kanyang Salita na maipangyari, at Siya'y umaasa sa atin na gawin 'yun, dahil tayo ang Kanyang mga instrumento. Hindi nga sa anuman na sa sarili lang natin. Sa Kanya lamang; ating ipinapaubaya ang ating mga sarili't lumalakad kasama Siya.

⁹⁷ Nakakita ako ng pangitain nung umagang 'yun. May nakita akong malaking hayop na nakahimlay sa gilid ng burol. Oh, naglalakihan ang pares ng mga sungay nito. Nasa isang lakad daw ako nun sa pangangaso sa pangitain, na parang alas diyos

o alas onse raw 'yun nung araw na 'yun. At dahan-dahan akong nagpunta dun at binaril ko raw 'yung hayop.

⁹⁸ At nung pabalik na raw ako sa daan, isang dambuhala't, napaka laking osong grizzly ang biglang tumayo at nakaamba sa mismong harapan ko, at binaril ko raw 'yun.

⁹⁹ At pagkatapos nakita ko sila na kinukuha na nila 'yung mga sungay, at may maliit na kamay na umabot dun at kinuha 'yung sungay, at sinukatan gamit ang teyp. Ang sukat nun ay apatnapu't dalawang pulgada, mula sa puno na dumudugtong sa ulo ng hayop hanggang sa pinaka dulo sa itaas nung sungay, apatnapu't dalawang pulgada ang taas. Wala pa nga akong nakikita kahit kailan na anumang hayop na katulad nun, na haya't malalaki talaga 'yung patusok-tusok ng sungay nun. At, gayong, mukha naman itong usa, pero 'yung sungay nga nun, oh, grabe, parang pangdalawa o pangtatlong usa na. Wala pa nga akong nakikitang katulad nun kahit kailan.

¹⁰⁰ "Buweno," sabi ko, "marahil mangyayari 'yun balang araw. Sige't isusulat ko muna sa ngayon."

¹⁰¹ Nagpunta ako sa Kentucky kasama ang isang kaibigan ko, at tinawagan ako ni Kapatid na Miner Arganbright, ang sabi, "Kapatid na Branham, marami ka bang ginagawa ngayon?"

¹⁰² Sabi, "Wala naman masyado." Sabi ko, "Sa katunayan nasa ano ako ngayon. . . May dalawang sanglinggo ako ngayon. Naka bakasyon ako nang kaunti."

¹⁰³ Sabi, "Magpunta ka sa Canada, sa Alaska, kasama ko. Gusto naming bumuo ng sangay ng Business Men sa Anchorage at pati na rin sa Fairbanks."

Sabi ko, "Napaka inam nga 'yan, kung may oras ako para makasama riyan."

¹⁰⁴ Sabi niya, "Buweno, Kapatid na Branham, kung sasama ka, sinasabi ko nga sa iyo, bibigyan ka namin ng isang magandang pangangaso ng osong grizzly."

¹⁰⁵ Naisip ko, "Napaka ganda nga nun." Sa isip-isip ko, "Oh, oh, hayan nga 'yung pangitain. Kita n'yo, 'yun na nga 'yun."

¹⁰⁶ "Isang magandang pangangaso ng osong grizzly," sabi ko, "napaka inam nga n'yan. Kadalasan hindi ako nakakasama sa ganyan. Pero, kapag nandun na tayo, at kung may ilang mga taga-sama dun na gustong samahan ako, nang libre, ikatutuwa kong magpunta."

Kaya, ang sabi niya, "Buweno, sila, sasamahan ka nga nila. Napaghandaan na namin ito."

Sabi ko, "Buweno, sige't hintayin mo lang. Ipapanalangin ko muna ang lakad na 'yan."

¹⁰⁷ At nagpunta ako sa kakahuyan nung araw ding 'yun, at sa tuwing mananalangin ako, napapalayo ako, lagi, napapalayo

ako nang lubos mula roon. Sa isip-isip ko, “Kakaiba yata.” At dalawang araw pagkatapos nun, tinawagan ko si Kapatid na Arganbright. Sabi ko, “Hindi.”

¹⁰⁸ Sabi ko, “Kapatid na Branham, pero inihahanda na namin ang mga bagay-bagay.”

¹⁰⁹ Sabi ko, “Huwag n’yong gawin. Hindi pumapayag ang Espiritu Santo rito.” Ikinuwento ko sa kanya’yung pangitain. Sabi ko, “Di ko—di ko lang alam, Kapatid na Arganbright, pero para ngang kakaiba. Haya’t hindi nga Niya ako pinapupunta dun, at, sa kabila nun, para bang’yun—para bang’yun ang lugar na magaganap’yun.”

At kaya ang sabi niya, “Buweno, sige’t, magpunta na tayo kung ganoon pala.” At sabi ko . . .

¹¹⁰ Ngayon, marami sa inyo ang makakasalamuha si Kapatid na Arganbright. Papunta siya rito ngayon, para makapaghanda kasama ko, papunta sa ibayong-dagat pagkatapos ng gawaing ito. At kaya puwede n’yo siyang tanungin tungkol sa kuwento na ito. Mangyari ngang ang sabi namin . . .

Ang sabi ko, “Hindi. Hindi ko talaga puwedeng gawin. Sinabihan ako ng Espiritu Santo na huwag tumuloy.”

¹¹¹ Mas mainam kasi ang sumunod, kahit na gaano pa, gaano pang kainam’yung tingnan. Mangangaral po ako ng tungkol sa bagay na parang ganyan bukas ng gabi, loobin ng Panginoon. Kaya, ngayon, alalahanin n’yo, kahit na gaano pang kaganda itong tingnan, kung ang Diyos ay wala dun, layuan n’yo ito. Kahit na gaano pang kahali-halina itong pagmasdan, layuan n’yo ito. Gaano mang pinagpala, layuan n’yo ito kung wala dun ang Diyos. Layuan n’yo ito. Ngayon mangungusap tayo tungkol sa bagay na’y an bukas ng gabi, loobin ng Panginoon.

¹¹² Ngayon, matapos’yun umuwi na ako ng bahay, may sinabi sa akin si Billy,’yung anak kong lalaki, sabi niya, “Tatay, alam mo ba na’yung mangangaso na nakasama mong mangaso nung nakaraang tagsibol sa dakong’yun, na ang pangalan ng lugar ay Southwick?”

¹¹³ “Oh,” sabi ko, “dun ba kamo sa . . . dun sa . . . sa paanan ng Yukon sa banda dun?”

Sabi niya, “Oo.”

Sabi, “May liham siya na pinadala rito para—para sa iyo.”

¹¹⁴ Si Kapatid na Eddie Byskal nga ito, na siyang namumuno nung—nung asosasyon ng mga ministro sa hilagang-kanluran na lalawigan sa dakong’yun, isang napaka inam na lalaki, marahil narito siya ngayon sa pagtitipong ito. Nagplaplano nga siya na makadako sa lugar na ito nang ganitong panahon. Isang tunay na mainam na lalaki, at may kalugud-lugod nga siyang pamilya. Isa siyang—isa siyang misyunero sa dako roon ngayon sa mga Cree,

sa mga Cree Indian. At nakasama ko nga siya nito-nito lang nung tagsibol at pagkatapos, o nitong tag-init, pala.

115 Pagkatapos siya, si Eddie, gusto niyang dalhin ako dun kina Bud, na isa sa mga naakay niya kay Cristo. Yung asawang babae nito'y matapat na Pentecostal. Isang rantsero si Bud, at kalalagay pa lang sa kanya roon. Pero nabahagian siya, nung pinaalis ng gobyerno ang mga Indian at inilipat sila dun sa reserbasyon, na isang napaka gandang lugar para mangaso. Nasa anim. . . Oh, sa palagay ko may nasa halos tatlong daang kuwadrado milya siya roon, o mas malawak pa, sa dakong 'yun, na teritoryo na naibahagi sa kanya ng gobyerno ng Canada.

116 Buweno, nung tagsibol, nung mapunta ako roon, kami'y lumakod na para mangaso ng oso pagkatapos ng pagtitipon, pero nung kami'y. . . Mayo nun, pero may hanging chinook na bumababa noon at di kami makapagpatuloy. May parang ano kami. . . Hindi pa nga siya nakakapakinig ng tungkol sa kahit ano patungkol sa mga pagtitipon, at lagi siyang binabahagian ni Eddie patungkol sa pagtitipon.

117 At kaya ang sabi niya, "Ang ibig mo bang sabihin sa akin, na sa panahon ngayon, ipinapakita mismo ng Diyos ang Sarili Niya, at nagpapakita ng mga bagay na paparating bago pa ito mangyari?"

Sabi ni Eddie, "Ganoon nga mismo."

118 Kaya tuluy-tuloy lang siya sa pakikipag-usap sa akin. Sabi niya, "Alam mo, may kapatid na lalaki ako na may epilepsy." Sabi, "Kung mapupuntahan n'yo lang ang kapatid kong 'yun!" Sabi, "Naniniwala ako, na kung mapapapunta ko lang siya sa isa sa mga pagtitipon mo, naniniwala nga akong gagaling siya." Sabi ko. . . Sabi, "Buong buhay niya'y dala-dala na niya 'yung karamdamang 'yun."

Sabi ko, "Ganoon pala."

119 Buweno, hindi dumidilim sa dakong 'yun kapag ganoong panahon ng taon, alam n'yo. Bumababa lang 'yung araw, at pagkatapos ang buong paligid ay ano pa rin. . . Oh, puwede nga kayong, kahit anong oras, maski hating-gabi, ala una, puwede nga kayong makapagbasa ng diyaryo, o ano, kita n'yo. At sa bandang—sa bandang papatapos na ang Mayo ay di nga roon lumulubog ang araw. Parang bumababa lang dun nang kaunti, parang mawawala lang, nang sampung minuto, at babalik na uli. Kaya nagpapahinga lang kami dun maski anong oras na makaramdam kami ng pagod.

120 At tapos dun sa daan namin papunta sa kaparangan, may nakasalubong kaming grupo ng mga Indian. At, oh, nakausap ko 'yung matandang pinaka pinuno nila dun. Pinayagan siya ng gobyerno na manatili dun dahil may dalawang anak siya dun. Sa trosong nagsisilbing libingan kasi nila inilalagay ang mga anak nila, mga mahal nila sa buhay. Basta parang ganun

ang paniniwala nila. At isinasabit nila 'yun sa puno na naroon, kaya pinayagan ang pamilyang 'yun na manatili dun. Isa ngang kalugud-lugod na lalaki, lampas siyamnapung taong gulang na, pero nakakasakay pa rin sa angkasan ng kabayo na matikas na matikas pa rin katulad ng isa sa mga kasama niyang lalaki.

¹²¹ At pagkatapos lumakad na kami nung sumunod na araw. Sabi niya, “Wala nang daan padiretso. Kaya umakyat kayo sa mga bundok na narito at *paganito* ang daan n'yo.” Oh, dagdag na sangdaang milya uli 'yun, na dapat sana'y mapabilis ang biyahe. Kaya, di na namin itinuloy dun. Masyado na kasing gahol sa oras. Bumalik na lang kami.

¹²² At nung pabalik na kami, may isang hanay ng mga batang kabayo si Bud, at 'yung ibang kabayo na 'yun ay nalubog dun sa putikan at sa parang latian. At sumusunod-sunod kami sa likuran, nakikipag kuwentuhan, si Eddie at ako. At si Bud ang naroon sa unahang kabayo, sinusubukang makaahon dun. May dalawampu't isang ulo kami dun. At nakabitan ko ng lubid 'yung isa, naiahon ko siya. At nung pagkaahon na pagkaahon ko naman sa kanya, 'yung sinasakyan ko namang kabayo ang napunta dun. At heto tuloy ako, sinusubukan kong makaalis dun. At naputikan ako, alam n'yo. Mga ilang minuto rin 'yun, sumakay na ako sa kabayo ko, at ipinagpag ko paalis 'yung putik sa damit ko, nang *paganoon*, umusad na.

¹²³ At sa mismong harapan ko, tanaw lang padiretso sa burol na 'yun dun, lumitaw ang isang kabataang lalaki. Pinagmasdan ko siya. Umatras ako sa angkasan at pinahinto ko ang kabayo ko. At nakita ko 'yung kabataang lalaki na bigla na lang siyang sinumpung, nagpagulong-gulong pa, at bumubula ang bibig, at para bang galit na galit siya, at sige siya sa paninira ng mga bagay-bagay. Pagkatapos bigla na lang siyang kumalma. May nakita akong isang lumang kawa ng apoy. Nakita ko 'yung kamiseta niya na nasusunog.

¹²⁴ Si Eddie ay nasa unahan ko nang halos kalahating bloke ang layo mula sa akin, sinusubukan niyang magpaahon uli ng ibang kabayo. Napadpad kasi 'yung isang batang kabayo sa di na daanan, napunta dun, hila-hila kasama ang iba pa, nahulog din. Kaya nagmadali akong nagpunta kay Eddie. Pinakalma namin 'yung mga kabayo. Sabi ko, “Eddie, may nakuha akong GANITO ANG SABI NG PANGINOON para kay Bud.”

Sabi niya, “Kapatid na Branham, may nangyari ba?”

Sabi ko, “Isang pangitain. Nakita ko ang kapatid niyang lalaki.”

Sabi niya, “Oh, puntahan mo na siya.”

¹²⁵ Sabi ko, “Bantayan mo lang itong mga kabayo. Paaahunin ko muna ang kabayo ko at mauuna na ako, pumunta ka rito sa likuran ng mga kabayo, tingnan mo kung makakasingit ako sa kanila at mapapanatili mo muna sila rito sa gilid ng burol.”

126 Umikot ako dun sa dalisdis nung burol, nang *paganito*, na 'yung aking . . . sakay-sakay sa kabayo ko. Pinaahon ko na ang kabayo ko, at nagpunta na ako roon. At inilagay ko ang kamay ko sa ibabaw ng angkasan. Sabi ko, "Bud?"

Sabi niya, "Oh, Kapatid na Branham."

127 Sabi ko, "May gusto akong sabihin sa iyo. Ang kapatid mong lalaki . . ." tapos inilarawan ko 'yung naturang kapatid.

Sabi niya, "Tama. Sinong nakapagsabi sa iyo?"

Sabi ko, "Wala. Ipinakita lang siya ng Panginoon sa akin."

Sabi ko, "Paniniwalaan mo ba ako na ako'y lingkod Niya?"

Sabi niya, "Siyempre po, Kapatid na Branham."

128 Sabi ko, "Sige't magpasabi ka roon," nasa—nasa walong daang milya ang layo namin sa sibilisasyon, "magpasabi ka para magpunta ang kapatid mo rito. At sa mismong sandali na atakihin siya ng sumpong . . ." Sabi ko, "Mula dalawang taong gulang pa lang siya ay mayroon na siya nito. Maaaring di mo ito paniwalaan, pero namamana 'yun. Yung lolo mo'y mayroon din nun."

Sabi niya, "Siyanga't, 'yan ang totoo. Tama po."

129 Sabi ko, "Ngayon, kapag inatake ng sumpong ang batang ito, hubarin mo agad 'yung kamiseta niyang suot-suot at itapon mo 'yun sa apoy, at sabihin, 'Ito'y ginagawa ko sa Pangalan ni Jesus Cristo, sang-ayon sa Kanyang Salita.' Hinding-hindi na siya susumpungin kahit kailan, hangga't sinasampalatayanan niya ito."

130 Haya't napataas nga siya ng kanyang mga kamay, bigla na lang napasigaw. Sabi niya, "Hindi ko pa man ito nakikita na nangyayari, pero tunay na sinabi mo sa akin kung anong itsura ng kapatid kong 'yun, at katotohanan din 'yang sinabi mo sa akin tungkol sa lolo ko."

Sabi ko, "Ganoon nga."

131 Pagkatapos naming umalis, nagpasabi siya't pinapunta na roon 'yung kapatid niya. At lumakad na nga siya para dun sa mabilis na daan dumaan nung umaga ring 'yun. Pagkatapos, sumakay siya ng bus, na dumadaan dun; may dumadaan-daan kasi sa amin dun, nang dalawa o tatlong beses kada sanglinggo, paroo't parito sa pinaka highway ng Alaska. Nagpunta na siya.

132 At 'yung maybahay ni Bud, si Lila, napaka liit nga niya, isang maliit na babae, kumbaga sa bareta ng sabon ay ganoon siyang kaliit kapag tapos nang ipanglaba ng buong pamilya. Talagang napaka liit . . . Lima ang anak niya, at kalugud-lugod na munting babae.

133 At pagkatapos pinuntahan na ni Bud 'yung mga kabayo para ihanda sila, dahil hahanap siya ng mas madaling daan doon,

para makapunta kami agad gamit ang daan na 'yun sa mga kasamahan niyang mangangaso.

¹³⁴ At nung nakaalis na siya, buweno, nandun nga sa kanila 'yung kapatid niyang lalaki, di pa nahuhubad 'yung kamiseta nung kapatid nung panahon na 'yun, siya nga'y biglang inatake ng sumpung. At nagkakampo sila dun sa lumang mga himpilan, kung saan ang mga Amerikano noon, nung ginagawa pa nila 'yung highway dun, ay dun sila humihimpil. At nung. . . May malaking lumang kawa nga sila roon na ginagamit nila bilang lalagyan ng apoy. At si munting Lila. . . Yung bayaw nga niya'y nagiging—nagiging mabargas kapag sinusumpung ito. At ganun na lang ang pagkabahala niya kapag nangyayari 'yun sa bayaw niya, haya't sinisigurado niyang nakabukas 'yung bintana, o 'yung ilang bagay dun, para makaalpas. Pero siya nga'y lalabas na sana, at naisip niya 'yung tungkol sa sinabi. Nakadalo na siya minsan sa mga pagtitipon, doon sa Dawson Creek.

¹³⁵ Nagmadali siya't lumapit dun at sumaklang sa malaking lalaking 'yun, hinubad 'yung kamisetang suot-suot nung bayaw niya, umiiyak, sininop niyang maigi maging 'yung mga butones at lahat, nung puting kamiseta nung bayaw niya, lumapit dun sa apoy, at sabi, "Ito'y ginagawa ko sa Pangalan ng Panginoong Jesus, sang-ayon sa Salita ng Panginoon na isinaysay sa amin." At 'yung lalaki nga'y di na sinumpung mula nun. Tinapos na dun mismo.

¹³⁶ Nagpasabi nga siya sa akin na magpunta, libre raw na pangangaso. At lagi nga akong interesado sa mga libre-libreng tulad n'yan, alam n'yo. Kaya naisip ko. . . "Buweno," sabi ko, "Sige't pupunta ako. Titingnan ko kung papayagan ako ng Panginoon na makapunta." Nanalangin ako. At sadya ngang kapapanalangin ko pa lang, talagang dun mismo ang itinuturo papunta lahat sa dakong 'yun.

¹³⁷ Isinama ko si Kapatid na Fred Sothmann. Narito nga siya sa kung saang dako sa pagtitipong ito. Nasaan ka, Fred? Hayan nga siya. Sige. Isa siya sa mga katiwala sa simbahan namin. Alam nga ni Kapatid na Fred na ang bagay na ito'y pauna nang sinabi tatlong buwan bago pa man ito mangyari. Tama ba 'yun, Kapatid na Fred? At, sa palagay ko, si Kapatid na Simpson. Ilan po sa mga narito sa gusaling ito ang nakakaalam nun, na bago pa man 'yun mangyari, ay nasabi na muna ito? Itaas n'yo po ang inyong kamay. Hayan nga. At nasabi nga ito sa harap mismo ng iglesya, kung ano mismo ang mangyayari. Buweno, di ko pa nga alam nung sandaling 'yun na 'yun na pala ang oras na tinutukoy.

¹³⁸ Kaya nagpunta na ako roon sa—sa highway ng Alaska, at si Kapatid na Fred ay tumigil muna sa bahay ng isang kaibigan, para makapangaso ng moose. May kalayuan din nang masyado 'yung lugar na 'yun para sa moose. Haya't nasa lugar kami ng mga tupa, dun nga ang daan namin. At kaya kami. . . Kumuha

ako ng—ng piraso ng—ng yeso o alabok, at gumuhit dun sa salamin sa harapan. Sabi ko, “Ngayon, Kapatid na Fred, kung ito na ’yung oras na ’yun, maaalala mo mismo kung ano nga ba ’yun.” At naalala nga niya ’yun.

¹³⁹ Umakyat na ako. Nung gabing ’yun nung marating na namin ’yung kampo, ang sabi ni Bud, “Kapatid na Branham!” Niyakap niya ako’t nagpatalon-talon, nagsasalita sa iba’t ibang wika at napapasigaw, alam n’yo. Sabi niya. . . At siya nga’y, isang cowboy na dumaan din sa hirap, hayan nga. At siya—siya nga’y talagang nagpupuri dun sa Diyos. Sabi niya, “Alam mo ba, Kapatid na Branham? Yung kapatid ko’y di na sinumpong mula nung sandaling ’yun. Siya’y ganap na normal na’t maayos na ang lagay, noong nakaraang taon pa.”

¹⁴⁰ Sabi ko, “Basta’t hanggang sa sinasampalatayanan niya ito, magtutuluy-tuloy ’yun nang ganoon.” At sabi ko, “Ngayon sabihin mo sa kanya na isuko niya ang buhay niya kay Cristo, at paglingkuran Siya sa nalalabi pa niyang mga araw. ‘Humayo at huwag nang magkasala pa, kundi ay isang lalong masama pang bagay ang darating sa kanya.’ Kita mo?” Sabi ko, “Sige’t sabihin mo sa kanya na gawin niya ’yun.”

¹⁴¹ Pagkatapos ang sabi ko, “May isa pa akong pangitain,” at ikinuwento ko sa kanya ang tungkol sa pangitain na ’yun. Sabi ko, “Ngayon, may kasa-kasama raw akong maliliit na mga kalalakihan. Nasa lakad daw kami para mangaso. Maliliit na kalalakihan daw. At ’yung isa sa kanila’y may suot na berdeng, kamiseta na kuwadra-kuwadrado ang disenyo.”

¹⁴² At sabi niya, “Buweno,” sabi niya, “Kapatid na Branham,” sabi niya, “Wala naman akong berdeng, kamiseta na kuwadra-kuwadrado ang disenyo.” Yung anak niyang lalaki, si Blaine, na labing-walong taong gulang, ang sabi’y wala rin daw itong berdeng kamiseta na kuwadra-kuwadrado ang disenyo.

¹⁴³ Si Eddie Byskal, isang munti’t maliit na lalaki rin, ang timbang niya’y nasa sangdaan at sampung libra lang, sabi niya, “Wala rin akong ganoon, Kapatid na Branham.”

Sabi ko, “Buweno,” Sabi ko, “ngayon, ’yung hayop. . .”

Sabi niya, “Anong klaseng hayop ’yun?”

Sabi ko, “Parang usa ang itsura.”

¹⁴⁴ Sabi niya, “Walang usa sa dako rito. Masyadong mataas na ang lugar na ito.” Sabi niya, “Baka isang caribou.”

Sabi ko, “Yung sa caribou kasi’y palapad ’yung kanya.”

Sabi, “Siyanga naman.”

Sabi ko, “May patusok-tusok ang hayop na ito.”

¹⁴⁵ Sabi niya, “Buweno, Kapatid na Branham,” sabi, “sa lugar tayo ng mga tupa papunta, hindi sa lugar ng mga usa o ano man na tulad n’yan.”

146 Sabi ko, “Buweno, baka sa ibang lakad siguro. Si Kapatid na Arganbright . . . Baka sa Alaska o saanman dun,” Sabi ko, “dahil may dambuhala’t, malaking grizzly rin.”

Sabi niya, “Anong klaseng grizzly ’yun?”

Sabi ko, “Silver-tip.” Yun nga ang pinaka kilala sa lahat ng ’yun.

147 Sabi niya, “Isa akong taga-sama sa pangangaso. Halos nakatira na ako sa kakahuyang ito nang buong buhay ko. Wala pa akong natitiyempuhang silver-tip dito.” Sabi, “Nakakita na ako rito ng karaniwang matandang grizzly. Pero,” sabi, “Wala pa akong nakikitang silver-tip, ni minsan sa buong buhay ko.”

148 Sabi ko, “Buweno, mayroon talaga, na isa kung saan, at makukuha ko siya.”

Sabi niya, “Masasabi ko ngang katotohanan ’yan.” Sabi niya, “sasabihin ko nga.”

149 Naglakbay na kami, tatlong araw ang nakararaan. Dun kami nagkampo sa mismong, hangganan nung kakahuyan.

150 At lingapin nga ako ng Diyos, kung ang dakong ’yun ay mananatiling ganoon ang itsura hanggang sa Milenyum, ako’y mapayagan nawa na manirahan dun sa Milenyum. Sadyang nanaisin ko na makababad sa kalikasang ’yun dun. Oh! Kung may taong di makikita ang Diyos sa dakong ’yun, ang—ang tao na ’yun ay bulag, bingi, at pipi. Ang makita Siya na ipinapakita ang Kanyang Sarili sa kamangha-mangha’t, naglalakihang mga bundok na ’yun! Oh, grabe! Sadya ngang tumatawag ang kalaliman sa kalaliman, hayan nga, at sa dakong ’yun sa itaas ay talagang pinagpalang sandali.

151 Haya’t umakyat na kami sa isang bundok. Kinakailangan mo lang maglakad nang diretso, nang *paganoon*, para maakyat ’yun. Oh, walang mga puno, mabababang lumot lang ang lahat ng matatanaw mo dun. May nasa tatlumpu o apatnapung ulo ng tupa ang natatanaw namin dun. Wala ngang malaki-laki na puwede naming kunin sana. Ang nandun lang ay kalahating laki, at tatlong-kapat na laki, ang—ang gusto ko sana ay ’yung hustong laki na magpapakita dun, kaya nilampasan ko na ’yun. Haya’t kami . . . Pumuwesto ako sa likuran.

152 At nung sumunod na araw nagsimula na kaming tumawid, at nahulog si Eddie sa tubig nung papalundag na sana siya patawid, ang laki kasi ng sapatos niyang suot.

153 Papaahon siya sa gilid ng bundok, huminto muna si Bud at ang sabi niya, “Puwede ko po bang mahiram ang largabista mo, Billy.” Ibinigay ko sa kanya ’yung largabista.

154 Sabay nga kami sa paglalakad, at nag-uusap tungkol sa Panginoon, at napapasigaw, at napapatakbo nang taas-baba sa gilid ng burol, talagang nagtatamasa ng maluwalhating oras. Tunay ngang magiging ganoong kainam ang pagpunta, sa lakad

para mangaso, kung ang kasa-kasama n'yo sa pagpunta ay mga kapatiran.

155 At kaya heto na't kinuha niya 'yung largabista ko. Sabi niya, "Kapatid na Branham, hayun nga dun ang karnero mo. May nasa walo ang nagpapahinga dun na mga anim na milya ang layo, doon mismo sa ibabaw ng kabilang taluktok na 'yun. Tingnan mo sila. Nakikita mo ba silang nagkukumpulan dun?"

Sinilip ko. Sabi ko, "Haya't, nandun nga sila, mismo."

156 Sabi niya, "Buweno, siguro'y mas magandang magpahinga muna tayo rito, lumakad tayo sa umaga nang mga alas tres." Sabi, "Dapat nakaakyat na tayo dun ng alas nuwebe, o mga bandang alas diyos. Magpapahinga nun ang mga matatandang karnero. Yun ang tamang oras."

Sabi ko, "Ano 'yung iba pa roon na palakad-lakad dun?"

157 Sabi, "Mga caribou 'yun." Sabi ko . . . Haya't, anim na milya kasi 'yun, alam n'yo, kaya mahirap matukoy kung ano ngang itsura nila.

158 At pagkatapos, mula sa dakong 'yun, nang anim-na-raang milya, kung didire-diretsuhin ang pagtahak, wala ngang kahit anong daanan dun o malalakaran. At kapag nakaabot na kayo dun sa Kanlurang Baybayin, nasa walong-daang milya ang tatahakin mo papuntang Vancouver, at wala ni isang senyales man lang ng sibilisasyon dun. At 'yung kasunod na sibilisasyon, kung tatahak sa gawi *rito*, ay Anchorage na, na mga nasa pito o walong-daang milya ang layo. Kung tatahak ka naman sa gawi *rito*, mapupunta ka sa munting bayan ng, Yellow Knife, kung saan puwede kang sumakay ng barko minsan sa isang taon papunta sa lugar ng mga Eskimo. At, pagkatapos nun, Russia na. Kaya, kayo-kayo na lang talaga sa dakong 'yun. Ang dako na 'yun ay dako na maaari ngang makapagpahinga ang Diyos sa Kanyang kapahingahan, sa dakong 'yun doon, malayo sa lahat ng mga suliranin at pagsubok na idinudulog natin sa Kanya. At kaya gustung-gusto kong makadako sa lugar na 'yun at makipag-usap sa Kanya habang nagpapahinga Siya, kita n'yo, na parang katulad nga dun nung isang gabi sa—sa barko.

159 Mangyari nga na nung nagpahinga na kami, at nung sunod na umaga'y lumakad na kami nang maaga. Nung bandang alas otso na, dumaan kami sa kasukalan at lahat na, hanggang sa marating namin 'yung ibabaw nung burol. At sa daan namin paakyat dun, heto nga't nadaanan namin ang isang matandang babaing caribou, at husto sa laking toro. Hayun nga siya, sa may burol, at naglalakihan 'yung sungay niyang palapad. At sabi ko, "Buweno, hayun nga ang pinaka una kong caribou na nakita ko sa kakahuyan, sa kagubatan. Di pa ako nakakarating nang ganitong kataas kahit kailan."

Sabi niya, "Tama. Isa nga 'yang caribou."

160 Tapos sumulong na kami paakyat nung burol at tumingin sa paligid. Wala na dun 'yung mga tupa. Kaya si Bud at ako ay naglakad-lakad sa paligid. At papaahon na roon si Eddie, at si Blaine, na anak niya, naghahanap sa paligid ng mapapangaso.

161 At naglakad kami sa isang dako, at, oh, grabe, napasigaw talaga ako, "Luwalhatiin ang Diyos!" Tumanaw ako sa ibaba, at naroon nga ang naglalakihang mga bundok na nagyeyelo ang ibabaw; may mangilaw-ngilaw na mabababang lumot sa ilalim ng niyebe. At sa bandang ibaba lang nun ay 'yung mga punong evergreen na, na mga pygmy spruce. At kung bababa pa nang kaunti, may buck brush dun, na mamula-mula. Bandang ibaba pa, ay 'yung quaking aspen, na dilaw naman. Lahat ng 'yun ay makikita ang repleksyon sa lawa sa paanan nun. Oh, grabe!

162 Napaakbay nga kami ni Bud at ako sa isa't isa, at parang napaindak kami nang kaunti sa dakong 'yun, na napapahiyaw kami't talagang sumisigaw, at pinupuri ang Diyos. At naupo kami na magkaakbay ang bisig sa isa't isa, at talagang pinupuri ang Diyos. At talagang nagtatamasa kami ng maluwalhating panahon dun, sa palagay ko, nang mga dalawang oras din.

163 At sabi ko, "Haya't, ano na kayang nangyari kay Eddie?" Ang tawag nga namin sa kanya'y "ang Dayo." Kaya, bumalik kami. Nagpunta kami dun sa gilid ng burol. Sabi ko, "Hindi naman siya siguro maliligaw rito."

164 At sabi, "Hindi. Nandiyan lang sa likod si Blaine sa kung saan, at haya't isa rin naman siyang Indian."

165 Kaya tumingin-tingin kami sa paligid, at may nakita akong kamera na nakalapag lang dun. Sabi ko, "Kay Eddie 'yan." Tumingin ako sa ibaba ng burol. At nagpunta ako sa gawi *rito*, at siya nama'y nagpunta sa kabilang gawi.

166 At nagmumuwestra nang paganito si Eddie, "Sh-sh-sh-sh." May sinusundan-sundan pala siyang isang maliit na, lalaking caribou. At iuuwi nga niya ito, ipapakain sa mga kaibigan niyang Indian na pinagmimisyonan niya. Kaya, binaril niya 'yung caribou. Nagpunta kami at nilinis namin 'yun.

167 Bumalik na kami, mga bandang ala una na nun. Tanaw na uli namin 'yung mga sinakyang kabayo namin, mga kalahating milya ang layo, mula sa kinatatayuan nila. At nakatayo kami roon. Ang sabi niya, "Kapatid na Branham, gusto mo bang maglakad-lakad?"

Sabi ko, "Oo naman."

168 Sabi niya, "Kung aakyat natin itong bundok dito. . . Yung mga karnero kasi'y nagpunta na sa gawing *ito*, at nagpunta na dun sa kabilang lagusan doon, siguro. Kung hindi naman, baka dito sa kabilang *ito* sila nagpunta." Sabi, "Pabalikin na natin siguro si Eddie at ang iba pa sa ibaba roon, at tawirin itong daan na ito *rito*, at dalhin 'yung kabayong sinasakyan ko at 'yung

kabayong sinasakyan mo, at dalhin na itong caribou sa kampo. At maglakad na lang tayo paakyat dito at puntahan natin 'yung dakong 'yun. At dapat makarating tayo dun nang bandang alas diyos o alas onse ng gabi."

Sabi ko, "Sige. Gawin natin."

¹⁶⁹ Kaya, nakatayo na kami roon. Kumain lang kami ng isang lata ng sardinas, tig-isa, bawat isa sa amin. At ibinaon namin sa lumot, 'yung sardinas. At 'yung tinapay naman namin, hayan nga't nakatago sa kamiseta namin, at kaya namawis na 'yun hanggang sa magdikit-dikit 'yun sa iisang umbok. Pero ayos pa rin, kapag gutom ka talaga. At puwede pa rin namang kainin. Hayan nga't, nakatayo kami roon.

¹⁷⁰ At tumitingin-tingin nga ako sa paligid. At sumilip ako sa largabista. Sabi ko, "Bud, tingnan mo rito. Ano kaya 'yung bagay na 'yun na naroon?"

¹⁷¹ Mga nasa tatlong milya ang layo, nagpapahinga dun 'yung caribou na 'yun. At kakaiba nga 'yun. Yung sungay nga'y hindi palapad; malalaking patusok-tusok. Sabi ko, "Naalala mo? Tingnan mo rito. Yan na 'yan mismo ang tanawin, saktong-sakto talaga. At naroon ngang nagpapahinga 'yung caribou na 'yun, nang sadyang ganoon." Sabi ko, "May isang bagay na lang na balakid sa pangitaing 'yun, kinakailangan kasing may nakasuot ng berdeng, kamiseta na kuwadra-kuwadrado ang disenyo." At nakatayo nga roon si Eddie na naka-berdeng, kamiseta na kuwadra-kuwadrado ang disenyo. Sabi ko, "Akala ko wala kang ganyang damit."

¹⁷² Sabi niya, "Inilagay siguro ito ng maybahay ko sa lalagyan ko ng mga gamit. Nung mahulog ako sa tubig, nung isang araw, kinakailangan ko ngang magpalit ng damit." Sabi niya, "Di ko alam na may inilagay pala siya sa gamit kong ganyan, Kapatid na Branham. Pagpasensyahan mo ako kung mali pala 'yung nasabi ko."

Sabi ko, "Di mo naman sinasadya, iho."

¹⁷³ Oh, bigla ngang napasigaw si Bud. Sabi niya, "Makakaya mo bang tumayo rito at barilin 'yun, nang tatlong milya ang layo. Magagawa mo ba, Kapatid na Branham?"

Sabi ko, "Kung pagbabasehan 'yung pangitain, malapit ako mismo sa kanya."

¹⁷⁴ Ang sabi niya, "Kapatid na Branham, papaano ka n'yan, papaano ka pupunta dun?"

Sabi ko, "Hindi ko alam, pero magpupunta nga ako roon."

Kaya sabi niya, "Papaano ka pupunta?"

Sabi ko, "Dadaan ako sa gilid ng tanawing ito."

175 Sabi niya, “Madulas ang bato riyan.” At ako . . . Ang sabi, “Kung madudulas ka nga riyan, aba’y matatabunan ka ng libo-libong tonelada ng niyebe, nang isang segundo lang.”

176 Sabi ko, “Ang Diyos ang bahala na roon. Dun kasi sa daan na ’yun ako nagpunta, sa pangitain, paikot dun.”

Sabi niya, “Buweno, susundan kita.” Hayun nga siya.

177 At ’yung ibang kalalakihan sabi nila, “Dito na lang kami sa dakong ito hanggang sa makita naming nalapitan n’yo na ’yung caribou,” at sabi nila, “tapos kami’y—kami’y bababa na roon, isasama namin ’yung mga kabayo at doon dadaan. Kikitain namin kayo sa ibaba sa paanan, nang mga nasa, oh, nasa apat o limang milya pababa.”

Sabi niya, “Sige.”

178 Kaya naghanda na kaming lumiban dun, si Bud at ako. Sa loob lang ng kalahating oras, nagawa na naming makatawid paikot dun. At ’yung caribou na nagpapahinga dun, parang sa amin ang tingin, pero hindi kami nakita. Siguro nakatulog siya. Tapos umakyat kami sa parang maliit na pababa dun, tapos umahon uli kami, at nakalapit kami nang mga nasa tatlumpung yarda mula sa kanya. Hayan nga’t nakahiga siya roon. Tapos itong dambuhalang, malaking hayop na ito, ay bumangon dun, at binaril ko siya.

179 At habang nakaupo kami dun, at minamarkahan na naming kunin mula sa balat ng leeg, hanggang sa ulo-ulo, nung hayop, nang paganoon, sabi ni Bud, “Nabanggit mo ba na itong mga sungay na ito ay apatnapu’t dalawang pulgada ang haba?”

Sabi ko, “Yun nga mismo ang sinabi ko.”

180 Sabi niya, “Kapatid na Branham, aabutin yata ng sangdaan at apatnapu’t dalawa ang haba nito,” malaking ulo talaga.

Sabi ko, “Hindi. Saktong apatnapu’t dalawa ’yan.”

Sabi, “May panukat ako rito.”

Sabi ko, “Pinag-aalinlanganan mo ba?”

Sabi niya, “Hindi, po.”

181 Sabi niya, “Pero, teka muna sandali, hindi ba’t nabanggit mo sa akin na may mapapangaso kang malaking osong grizzly bago ka makabalik sa ibaba? Na may silver-tip muna, bago ka makabalik dun sa kinaroroonan ng maliit na lalaking, may suot na berdeng kamiseta?”

Sabi ko, “Totoo ’yan.”

182 Tumanaw siya pababa ng burol. Buweno, wala ngang kahit ano na *ganitong* kataas dun, wala talaga. Pawang mga lumot lang, ang lahat ng makikita mo dun, nang milya-milya, panay mabababang lumot lang pababa ng burol. Sabi niya, “Nasaan na ’yung oso, Kapatid na Branham?”

183 Sabi ko, “Magagawa Niyang maglagay ng isa riyon. Siya mismo kasi ang nagsabi nito.” Sabi ko, “Pinag-aalinlangan mo ba ’yun, Bud?”

Sabi niya, “Hindi, po.”

184 Buweno, pababa nung burol parang *ganito* ’yung pagbaba namin. Bibitbitin niya ’yung mahabang baril, at ako naman ang bibitbit nung ulo, tapos salitan. Patagilid nga ang lakad namin dun, pababa, ’yung malalaking sungay ay kumakaldag dun sa mabababang lumot. Tapos naka isang milya rin kami. Tumigil muna kami at tumingin-tingin sa paligid. Sabi niya, “Siguro nama’y magpapakita na ’yung malaking oso na ’yun, hindi ba?”

Sabi ko, “Anong—anong ikinababahala mo?”

Sabi, “Wala naman.”

185 Nagpatuloy kami hanggang sa mapadako kami sa lugar kung saan may kaunting niyebeng nakabalot sa pababa. Naupo kami dun at nagpalamig muna nang kaunti. Sabi, “Kapatid na Branham, kung iisipin mo,” sabi, “wala na tayong ganoong karaming, oh, kulang-kulang na kalahating milya na lang halos hanggang sa marating na natin ang mga kasamahan natin, at sa isang punto dun sa pagitan nito ngayon at doon makakapatay ka ng isang silver-tip.”

186 Sabi ko, “Ganoon nga. Ganoon nga.” Sabi niya . . . Sabi ko, “Pinag-aalinlanganan mo ’yun, Bud.”

187 Tumayo siya at inalalayan ako sa aking kamay. Sabi niya, “Kapatid na Branham, ’yung kapatid kong lalaki’y di na siya sinumpong mula nung araw na ’yun hanggang ngayon.” Sabi niya, “Ang Diyos na nagawang magsaysay sa iyo tungkol sa kapatid kong ito, hinding-hindi magsisinungaling sa iyo.”

Sabi ko, “Bud, lilitaw at lilitaw ’yung oso.”

Sabi niya, “Saan kaya siya manggagaling?”

188 Sabi ko, “Hindi ko alam.” Sabi ko, “Bud, singkuwenta y dos na ako,” nung panahon na ’yun. At sabi ko, “Nakakakita na ako ng mga pangitain, mula nung bata pa ako. At nung makita ko itong caribou na ito rito, na napatay, at tingnan mo nga kung ’yung mga sungay nito ay hindi apatnapu’t dalawang pulgada ang haba. At heto nga, na sa parehong pangitain, nasa daan na raw ako pabalik kung saan naroon ang iba, na kasa-kasama ko, anupa’t napatay ko raw itong silver-tip na osong, grizzly.”

Sabi niya, “Kapatid na Branham, ang paningin ko ay abot ng dalawampung milya.”

189 Sabi niya, “Huhugutin siya marahil ng Diyos mula sa lupa, o ibababa siya mula sa himpapawid, o kung anuman.”

Sabi ko, “Huwag kang mag-alala. Lilitaw at lilitaw siya.”

190 Nasa mga sangdaang yarda pa ang nalakad namin. Haya’t pagod na pagod na rin siya. Tumitimbang kasi ’yun ng halos

sangdaan at limampung libra, 'yung napangaso namin. Haya't, pababa pa naman din 'yun ng burol, at kumakaldag-kaldag 'yun sa lupa. Sabi niya, "Whew! Susuko na yata ako."

¹⁹¹ Sabi ko, "Heto na." Nakarating kami sa isang maliit na pygmy, pygmy spruce pagkatapos, na mga *ganito* lang sigurong kataas. May mangilan-ngilang manok na grouse na naglipana sa buong paligid, at may mga manok na tarmigan din, at kaya pumukol ako sa direksyon nila ng ilang bato nang paganoon.

Tapos sabi niya, "Nakakain ka na ba ng tarmigan?"

Sabi ko, "Hindi pa. Sa palagay ko hindi pa."

¹⁹² Sabi niya, "Mainam sila. Parang kasing inam din ng manok na grouse." Sabi niya, "Kapatid na Branham?" Hinubad niya 'yung malaki't lumang itim na sumbrero niya, pinaypayan niya ang sarili niya. Sabi, "Ito na marahil ang oras para magpakita 'yung malaking oso na 'yun, hindi po, ba?"

At sabi ko—sabi ko, "Bud, pinag-aalinlangan mo yata."

¹⁹³ Sabi niya, "Hindi. Hindi naman sa ganoon. Pero, Kapatid na Branham, di ko—di ko—di ko lang kasi maisip talaga."

¹⁹⁴ Sabi ko, "Kahit naman ako. Di ko na dapat isipin kung ano na ba dapat. Ang dapat ko lang gawin ay manampalataya." Amen. Alam ng Diyos sa Langit na ang mga bagay na ito ay totoo. Tatayo ba ako rito at sasabihin ko ito, kung di naman ito totoo?

¹⁹⁵ Pagkatapos nung pabaling na ako, para iabot ko sa kanya 'yung mahabang baril, at ako naman ang bibitbit dun sa ulo. At nung pabaling na ako, sabi ko, "Bud, habang nakasukbit pa rin 'yang largabista sa iyong leeg. Ano 'yung naroon na nakatayo sa gilid ng burol?"

¹⁹⁶ At agad-agad siyang sumilip sa largabista. Sabi niya, "Oh, kung nililingap ka nga naman," sabi, "aba'y gatasing baka nga gaya ng kasabihan ng iba!" Wala ngang ganun sa liblib na dakong 'yun. Sabi, "Yun na ang pinaka malaking osong grizzly na nakita ko sa buong buhay ko. At kung nililingap ka nga naman, tingnan mo 'yung mangilaw-ngilaw na sinag ng araw na tumatama sa kanya. Isa siyang silver-tip." Sabi, "Gaano kaya siyang kalayo sa tantya mo?"

¹⁹⁷ Sabi ko, "Mga dalawang milya siguro siya." At talagang pagod na pagod na kami noon. Sabi niya . . . sabi ko, "Ano pang hinihintay natin? Halika na."

Tapos sabi niya, "Sigurado ka bang makukuha mo siya?"

Sabi ko, "Sigurado akong makukuha ko siya."

Sabi niya, "Ano 'yang baril na gagamitin mo dun?"

¹⁹⁸ At sabi ko, "Ngayon, huwag mo ngang alalahanin 'yun." Yung baril ko nga'y di kalakasang baril na ibinigay sa akin ng isang kapatirang lalaki sa isang pagtitipon minsan,

mga ilang taon na rin ang nakararaan. Sabi ko, “Maliit na, mumurahing .270.” Tapos sabi ko, “Ayos lang. May . . . aking . . . Mangyayari ’yun.”

¹⁹⁹ Palapit na kami nang palapit. At sa paglapit namin, palaki nang palaki kung titingnan ’yung oso sa laki niya. Oh, para nga siyang dambuhalang buntong ng dayami na naroon lang sa may lumot, alam n’yo. Nakatayo, malapad, malaki, dambuhalang oso, ’yung ulo niya’y mga *ganitong* kalapad, alam n’yo, at ’yung panga niya’y pahabang ganoon, naglalakihan ang mga kamay. At parang may kinakalikot siya dung maliliit na sanga ng asul na berry, nang *paganoon*, alam n’yo, kinakain ’yun. At naroon nga, talagang malapad na malaking oso! Nakalapit kami nang mga nasa, oh, mga walong daang yarda sa kanya.

²⁰⁰ Sabi niya, “Siyanga pala, Kapatid na Branham, nakabari—nakabari ka na ba ng osong grizzly noon?”

²⁰¹ Sabi ko, “Marami-rami na rin akong nabari na oso, Bud, pero ni minsan ay di pa ako nakapamari ng osong grizzly.”

²⁰² Sabi niya, “Alam mo ba, na silver-tip ang pinaka malaking palabang sa kanilang lahat.”

Sabi ko, “Oo, nauunawaan ko.”

Sabi niya, “Aba’y hindi nga niya alam mamatay?”

Tapos sabi ko, “Buweno?”

²⁰³ Sabi niya, “Huwag . . . Gaanong—gaanong—gaanong kalayo ang abot n’yan? Gaanong kalapit ka ba dapat kung gagamitin mo ang baril na ’yan?”

²⁰⁴ Ngayon, puwede n’yo nga siyang tanungin mismo. Sulatan n’yo siya ng liham. Ibibigay ko sa inyo kung saan siya nakatira. Ang sabi pa nga niya, “Sige’t maaari naman nila akong sulatan patungkol dito, sa mga may gusto, patungkol sa alinman dun sa mga bagay na ’yun. Ikukuwento ko nga sa kanila.” At kaya . . .

At sabi ko, “Buweno?” Sabi ko . . .

Sabi niya, “Ngayon na ba?”

²⁰⁵ Sabi ko, “Hindi pa, hindi pa. Mas malapit pa dapat, Bud. Ako nga’y dapat makalapit, nang sadyang malapit sa kanya.”

²⁰⁶ Sabi niya, “Aba’y sadyang napaka lapit na natin ngayon. Baka bigla na lang siyang manakmal anumang oras.”

²⁰⁷ Sabi ko, “Napagtatanto ko nga. Pero,” sabi ko, “Bud,” sabi ko, “magiging maayos ang lahat.”

²⁰⁸ Sabi niya, “Ngayon, kapag mamamari ka ng oso,” sabi, “ngayon, Kapatid na Branham, sa likod mo siya barilin. Dapat mapapahina mo siya, dahil susugod at susugod siya, at kung ganoon ay di na siya makakabangon.”

Sabi ko, “Hindi, dun kasi sa pangitain, sa puso ko siya binari.”

Sabi niya, “Umaasa nga ako na di ka nagkamali sa bagay na ‘yan.”

209 Sabi ko—sabi ko, “Hindi ako nagkamali.” Sabi ko, “Tanda ko ‘yun.” Dahil, sa isang—sa isang pangitain, nasa—nasa isang kamalayan ka, at dun din sa isa, gaya ng ipinaliwanag na natin nung isang gabi. Nasa dalawa ka. Hinding-hindi mo nga ‘yun makakalimutan. Kita n’yo? Kaya ganoon na nga.

210 Kaya mangyaring nakalapit pa kami nang husto, nasa—nasa dalawang daan at limampung yarda. Yun na ‘yung huling munting dalisdis na dinaanan namin. Sabi ko, “Heto na nga. Tingnan mo siya. Hindi ba’t napaka tikas niya?”

Sabi niya, “Oo, sa palagay ko nga.”

211 Sabi ko, “Sige, Bud. Ngayon sa pagtayo ko rito, susugod nga ‘yung oso.” Sabi ko, “Magmatyag ka lang.”

At kaya ang sabi niya, “Sige’t magmamatyag ako.”

212 Pagkatapos naglagay na ako ng bala sa bariles nung baril, alam n’yo. At nagtatago nga kami dun sa ilalim nung maliit na dalisdis. Pagtayong-pagtayo ko, heto na nga siyang sumusugod. Naku, naku! Pumuwesto ako, bumaril, at para ngang munggo ang tunog nun nung tumama sa kanya. Grabe, para ngang wala ‘yung naging epekto sa kanya, para ngang wala lang. At, grabe, bago . . .

213 Kung pag-uusapan n’yo ang tungkol sa bilis! Wala pa nga akong nakikitang tulad nun. Siya, ‘yung mga osong ganoon ay kayang talunin ang kabayo sa pabilisan, usa man, o anuman, alam n’yo, magagawa nga ng oso, gaya nun. Bumubulusok nga siya pababa nung burol, sa direksyon namin, nang paganoon!

214 At ngayon, bago pa ako makapaglagay uli ng bala sa baril ko, nasubasob siya’t patay na, nang mga, o, mga nasa tatlumpu, apatnapung yarda lang mula sa akin, tumaob-taob pa; tagos na tagos ‘yung puso, bago, at lahat, sa kanya. Nosler na bala ang may gawa, kayong mga bihasa sa bala alam na alam n’yo ‘yan. Mangyaring sumambulat ‘yun—‘yun sa kanya, at nasubasob siya roon.

215 Si Bud nga’y, nakatayo roon, sinilip niya, talagang putlang-putla siya sa paligid ng bibig niya. Ang sabi niya, “Kapatid na Branham, mas gusto ko sanang hindi siya rito sa bandang hita ko nasubasob.”

Sabi ko, “Maging ako man.”

216 Sabi niya, “Whew.” Sabi, “Sinababi ko nga sa iyo, ngayong tapos na ito, grabe. Kung hindi nga ‘yun naipakita sa isa sa mga pangitain na ‘yun, at nakita ko itong puwedeng mangyari sa atin kanina, hinding-hindi nga ako lalapit dito, nang ganung kalapit sa osong ‘yan, kasama mo.”

217 At ni isa sa amin ay hindi siya magalaw sa pagkakasubasob niya. Tumitimbang siya marahil ng sanglibong libra, sa tingin ko, haya't, dambuhalang, malaking oso talaga. Di nga namin siya malinis, aming. . . mabalatan siya. Naghanda na kami sa pagbaba. At nag-usap kami. . . "Kapatid na Branham?" Bitbit-bitbit namin 'yung mga sungay. Sabi niya, "Kung 'yang mga sungay na 'yan ay saktong apatnapu't dalawang pulagada," sabi, "magtatatakbo talaga ako rito."

218 Sabi ko, "Simulan mo nang magtatatakbo, kung ganun, dahil ganoong kahaba nga 'yun mismo."

219 Sabi niya, "Wala pa akong nakikitang ganito na—ganito na—ganito na. . . Sa palagay ko nga'y parang napapanaginipan ko lang ito."

220 At nung makababa na kami roon, haya't sinabi ko kay—kay Eddie, sabi ko, "Ngayon pagmasdan mo. Ilalagay ni Blaine ang kamay niya rito."

221 Ngayon, kung maaalala mo, may maliit na kamay sa sungay nun. Naaalala mo ba, Kapatid na Fred, 'yung sinabi ko kung papaano nga ba ang ayos nun?

Tapos sabi ko, "Masdan mo," sabi ko kay Eddie.

At mangyaring ang sabi ni Bud, "Sandali lang." Inilipat niya ng puwesto 'yung kabayo niya.

222 At 'yung amoy ng oso ay kumapit sa amin, alam n'yo, at medyo nagwala 'yung mga kabayo't lahat na. Alam n'yo naman kung anong nangyayari sa mga kabayo kapag nakakaamoy sila ng osong grizzly o anumang uri ng oso. Kaya heto't pumuwesto na ako—ako roon, pinipigilan, sinusubukang pakalmahin 'yung kabayo dun, para kasing gustong kumawala nung sasakyan naming kabayo.

223 At nagpunta na siya roon at inilabas ang panukat niya, at lumakad dun palapit, nakatingin sa akin, nang *paganoon*. Sabi, "Halika rito, Blaine." Sinenyasan ko si Eddie ng tulak. Inilapat na 'yun. Amen. At lingapin nga ako, aba'y apatnapu't dalawang pulagada mismo, sa pinaka dulo!

224 Ngayon, 'yung mga sungay na gaya nun ay lumiliit nang mga dalawang pulgada kapag natuyo. Yung osong grizzly na 'yun ay nakalatag sa pribado kong silid, at 'yung mga sungay naman ay nakasabit dun sa may dingding. Inayos na sila ng taksidermista, at maayos na sila. May panukat ding nakasabit dun, apatnapu't dalawang pulgada talaga, saktong-sakto.

225 Ngayon, ano ngang gustong iparating ng Diyos sa isang tao sa katulad n'yan, na isang lakad sa pangangaso?

226 Nung nakauwi na ako, ang nanay nga'y may sakit. Binisita ko siya. Sabi niya, "Billy?" Kita n'yo, Kanya palang pinalakas muna ang pananalig ko, inihahanda ako sa isang bagay na ito.

Sabi ko, “Nanay, dati ka namang pinagagaling lagi ng Diyos.”

Sabi niya, “Billy, yayao na ako sa Tahanan para makita ang tatay.”

“Oh,” sabi ko, “nanay, huwag kang magsalita ng ganyan.”

Sabi, “Siyanga’t, yayao na talaga ako.” Ipinanalangin ko ang nanay ko.

At si Kapatid na Fred at lahat ng mga saksing nakaupo rito’y alam ’yun.

²²⁷ Pagkatapos, malalaman mo na lang, dinala na nila siya sa ospital. Maging ’yung doktor ay di niya alam kung ano ang sakit. Buweno, nagpunta nga ako para ipanalangin siya. Sabi niya, “Anak, yayao na talaga ako.” At ngayon, ang nanay ko nga’y may pagka-malakas ang loob na babae, kung tutuusin.

²²⁸ Isang araw, mga ilang araw pagkatapos nun, pumasok ako. Naroon siya, nakatingala sa Langit. Sabi niya, “Billy, nakikita kita.”

Sabi ko, “Opo’t, narito ako, nanay.” Sabi, “Nakikita kita’t nariyan ka pala.”

²²⁹ Sabi niya, “Oh, tumatanda ka na, Bill,” sabi, “puti na ’yang buhok mo’t laylay na rin tulad ng balbas mo. Nakayakap ka sa krus, inaabot ako.” Alam na alam ko na nun, ito na ’yun.

Ngayon, kayo na mga kapatiran dito’y alam n’yo na ’yan nga ang katotohanan.

²³⁰ Kinabukusan nun ay Linggo. Nangangaral ako. Nagpasabi sila, “Ang iyong. . .” Sabi ko, “Hindi ako naniniwalang yayao na ang nanay. Laging ipinapakita ng Diyos sa akin, sa tuwing may yayao akong kapamilya. Pero, si nanay, di Siya nagpakita ng anuman sa akin tungkol dun.” Dumating nga ’yung pasabi. At nasa kalagitnaan ako ng Mensahe ko, parang ganito. May dumating, sabi, “Magpunta, puntahan mo na agad ang nanay mo ngayon. Tawagan mo siya sa telepono. Mamamatay na siya, anumang minuto.”

²³¹ Sabi ko, “Kamatayan, lubayan mo lang siya. Mas mahalaga ang Salita ng Diyos kaysa dun.”

²³² Ito pong lalaking nakaupo rito, si Kapatid na Borders. Matapos ’yung gawain, nagpunta na ako’t bibisitahin ko ang nanay ko. Nakausap ko pansumandali si Kapatid na Borders. Sabi niya, “Kapatid na Branham, malayo man ang tangkad mo sa anim na talampakan, pero sampung-talampakang lalaki ang nasaksihan kong tumayo sa pulpito ngayong umaga.”

Sabi ko, “Kapatid na Borders, ang Diyos nga ang bahala sa lahat ng ’yun para kay nanay.”

²³³ At mga ilang araw pagkatapos nun, tinawag nila ako para pumasok sa silid, at si nanay ay talagang malapit nang mawala.

Yung mga anak ay tinipon na sa palibot, nakatayo sa palibot nung higaan. Sabi ko, “Nanay, yayao ka na bang talaga?”

Sabi niya, “Oo.” Tapos hindi na siya makapagsalita.

²³⁴ Lagi kong sinasabi ito noon sa kanya, “Ano ba si Jesus sa iyo, nanay?” Naalala ko nung bautismuhan ko siya sa Kanyang Pangalan, matagal-tagal na rin, doon sa tubig. Ang sabi ko, “Sabihin mo sa akin kung ano na ba Siya sa iyo ngayon.”

Sabi niya, “Higit pa sa buhay para sa akin.”

²³⁵ Sabi ko, “Nanay, kung yayao ka na talaga, heto ako na anak mo, na . . . isang mangangaral. Gusto kong manggaling ito mismo, mula sa nanay kong kakatagpuin na ang Diyos. Gusto kong hawakan ka sa iyong kamay rito, nanay.”

Sabi, “Gusto kong humawak.” Hindi ako bumibitiw.

²³⁶ Di na siya makapagsalita. Makikitang paralisado na siya, sa mukha niya. Sabi ko, “Di ka na ba makapagsalita, nanay?” Hindi na rin niya magawang. . . Sabi ko, “Pakinggan mo po. Si Jesus ba’y ganoon pa rin para sa iyo?” Nagagawa pa rin niyang itango ang ulo niya.

²³⁷ Pagkatapos dumating na siya sa puntong hindi na niya maitango ’yung ulo niya. Sabi ko, “Nanay, si Jesus ba’y ang lahat-lahat para sa iyo ngayon? Siya’y parating na nga para sa iyo, sa ilang sandali na lang. Lahat-lahat po ba para sa inyo?” Di na siya makagalaw.

²³⁸ Sabi ko, “Nanay, may isang paraan na lang po, ang makita kong ikinukurap mo ang iyong mata. Kung si Jesus ay ganoon pa rin ang halaga para sa iyo gaya ng lagi mong pagpapahalaga sa Kanya noon, nung araw na bautismuhan kita sa tubig, ikurap-ukurap mo po ang inyong mata nang mabilis.” Ikinurap-ukurap nga niya ang kanyang mga mata, at may mga luhang gumuguhit pababa, nang *paganoon*.

²³⁹ Tapos may banayad na Hangin na umihip, na marahang dumaan sa silid. Umuwi na sa Tahanan si nanay.

²⁴⁰ Umuwi ako, nagpunta sa may punerarya, kinuhanan ko ng damit. Oh, alam n’yo nga ang pakiramdam nun. Darating ang punto na gagawin n’yo rin ’yun. Nag-iiyakan ’yung mga anak, ’yung isa sa isang sulok; ’yung isa, sa kabila naman. Sabi ko, “Si nanay talaga ang haliging dugtungan. Di na kami magiging tulad ng dati.” Si Doc at ang pamilya niya’y nasa sulok na *ito*. Si Jesse at ang pamilya niya’y naroon sa kabilang sulok na *iyon* naman. Kalilibing pa lang namin kay Howard, nung panahon na ’yun. Sabi ko, “Buweno, huli na natin ito, mga kapatid.” Sabi ko, “Buweno. . . Di na tayo makakapagkikita-kita na. Si nanay kasi ang naging pamamalagi natin.” Sabi ko, “Di na tayo makakapagkita-kita na, lalo na ngayon.”

²⁴¹ Umuwi ako, nung gabing ’yun, matapos naming kuhanan ng damit si nanay. Umuwi ako.

242 Si Gng. Domico, may nakakakilala ba sa kanya rito, mula sa Chicago? Naging tunay ka kalugud-lugod na kaibigan siya ng gawain. May ibinigay siya sa aking Biblia. (Paumanhin po.) At isa 'yun sa mga may pulang-letrang mga Biblia na de siper. At may isa, na nung ipinangaral ko 'yung pangangaral na 'yun ng, *Ang Kordero At Kalapati*, pinadalhan nila ako ng dalawang disenyong kalapati, bilang pananda. Yung isa kong kapatid, si Kapatid na Norman, pinadalhan niya ako ng kalapati ang disenyo. At 'yung disenyong kordero naman, haya't si Kapatid na Borders ang may bigay sa akin nung disenyong kordero. Dinampot ko na 'yung Biblia. Nandun si Meda sa isang sulok, umiiyak.

243 At lahat kayo na mga Business Men alam n'yo nga ito, nung nandun ako sa Jamaica, nakita ko ang biyenang babae, na nabanggit ko sa inyo sa may lamesa dun sa Jamaica. Sabi ko, "Isa sa mga kamag-anak ko ang papanaw, na walang ngipin. Nakita ko nga sila na yumayao." Doon mismo sa lamesa, sina Demos Shakarian at lahat sila'y nakaupo roon. Mga ilang oras lang mula noon, 'yung biyenang babae'y bigla na lamang natumba't namatay, nung oras na 'yun, kita n'yo, walang ngipin, saktong-sakto.

244 Sabi ko, "May nakita akong kabataang lalaki na lumulura ng dugo." Tumawag ako, sabi, "Huwag n'yong papuntahin si Billy. . ."

245 Mayroon po ba rito na nandun noon sa—sa pagtitipon sa Jamaica nung panahong 'yun sa—sa Jamaica? Di ko makita. Oo. Hayan nga may dalawa. Kaya pagkatapos. . .

246 Haya't sabi ko, "Mangyari. . . Billy, huwag kang pupunta dun. May nakita akong kabataang lalaki na lumulura ng dugo." At 'yung bayaw ko pala. Ang nangyari sa kanya, nagkaroon siya ng pagdurugo sa loob niya nung mamatay ang nanay niya. Nagdulot kasi 'yun ng matinding kabiglaan sa kanya.

247 Pagkatapos sa pagkakatayo ko roon, dinampot ko itong Biblia na ito. Sabi ko, "Ama, di ko lang po alam. Marahil dahil ito sa Iyong pag-ibig, na hindi Mo ipinakita ang pagpanaw ni nanay. Pero ako po'y labis na nagdadalamhati, Diyos. Maaari Mo po bang bigyan ako ng kaunting salita ng kaaliwan mula rito sa Iyong Salita?" Sabi ko, "Na may mababasa ako ritong ilang bagay na magpapagaan, magpapagaan ng kalooban ko." Kaya basta't ibinuklat ko nang *paganoon* 'yung Biblia. At hayun nga, malalaking pulang mga letra, "Hindi siya patay, kundi natutulog." Tapos pumasok na ako sa silid. Natulog na kami.

248 Nung mga bandang alas otso, nung sumunod na umaga, bumangon na kami. Ihahanda na nila ang katawan ni nanay, nang mga bandang tanghali, kaya nagpunta na kami dun at para makita siya. Lumabas si Meda para ihanda 'yung almusal ng mga

bata, at umiiyak si munting Joe. Si Becky ay nasa isang sulok naman, umiiyak pa rin, “Makikita ko pa ba uli si lola?”

249 Sabi ko, “Oo. Oo. Makikita n’yo siya uli. Nasa kabilang ibayo lang siya, naparoon lamang sa itaas.” Sabi ko, “Si lola, makikita n’yo siya uli.” At mahal na mahal nga ni nanay ’yung maliliit na mga batang ’yun, alam n’yo.

250 At, ganoon na nga, haya’t iyak sila nang iyak. “Makikita ba namin si lola ngayong hapon?”

251 Sabi ko, “Makikita n’yo ’yung katawan na pinanahanan niya, pero naparoon na sa itaas si lola para makasama ang isa n’yo pang lola, naroon na sila sa Langit.”

252 At di pa nga ’yun maintindihan ni Joe, nung maliit kong anak na lalaki, alam n’yo. Hindi pa nga niya maintindihan. Sabi niya, “Kung ganoon babalik ba uli rito sa ibaba si lola mamayang gabi?”

253 At sabi ko, “Hindi, hindi. Hindi ko alam kung kailan siya babalik. Pagdating ni Jesus, babalik siya.”

254 Nakatayo ako roon. At bumaling ako, naglakad sa silid. At nung paglakad ko nang paganoon . . . Huwag n’yo nang hilingin sa akin na ipaliwanag ito. Wala kasing paraan para ipaliwanag ito. Nakita ko raw ang sarili ko na nakatayo roon, kagaya ng ganito na nakatanaw ako sa mga narito ngayon. At ako raw ang nangunguna sa awitan. Ni minsan ay di ko pa nasusubukan ’yun. Ni hindi nga ako maka-awit, kung tutuusin. Tapos, haya’t napakarami raw, may malaking madla ng mga tao.

255 Sa gilid daw na ito, ’yung—’yung bulwagan ay parang nasa labas, parang, oh, hindi ko alam kung anong tawag n’yo dun, pero parang nasa gilid daw ng burol, at parang ampiteatro. At ang layo raw ng pinaka likuran, ’yung hile-hilera, ay papaitaas na parang *paganoon*, na ’yung mga nakaupo sa pinaka likuran ay *paganito* ang tingin nila sa harap. Pero dun sa gitna . . . mga tatlong hilera, na *paganito*. At ’yung mismong gitnang ’yun ay nagmistulang parang bunton ng mga hinahanging dayami na itinumpok dun, ng mga nanghihina’t may sumpung, na mga batang lumpo na nakaratay sa hilerang ’yun.

256 At ang suot-suot ko raw dun ay itim na terno, at umaawit daw ako ng, “Dalhin sila, dalhin sila, dalhin kay Jesus ang mga bata.” Umaawit-awit nga kami ng ganun sa simbahan, minsan, lalo na kung may mga batang ihahandog. At parang may—may pakuwadradong seksyon sa isang banda, kung saan nauupo ang mahahalagang tao, at malapit nga ang pulpito dun. Pero haya’t naroon nga ako, nangunguna sa mga awitan. At bigla na lang, habang nakatayo ako sa pakuwadradong seksyon, tinitingnan ko ’yung sarili ko dun sa ibaba, tapos . . . Oh, huwag n’yo nang subukang isipin kung papaano ’yun, dahil hindi n’yo maiisip. Haya’t habang nakapuwesto ako *rito*, bigla namang napunta ako

rito. Di ko po maisip. Yung dalawang 'yun ay naging isa. At 'yun nga'y . . .

Napaka gandang bagay nga na 'yung dalawa mo'y naging isa na.

²⁵⁷ May kamera nga ako dun. Mangyaring, di ko alam kumuha ng litrato. Sumilip ako sa bagay na 'yun, at, naku, lima o anim na iba't ibang bagay ang nakikita ko. Kaya sinimulan ko nang ipokus. Sinabihan ako ni Billy, sabi, "Ipokus mo, at 'yung iba't ibang 'yun ay magiging isa."

²⁵⁸ Napaka gandang ideya nga 'yun na gawin, alam n'yo. Iba ang pananaw mo kung ipokus mo. At gamitin ang Salita ng Diyos para maituon ang pagkaka pokus sa Kanya, at inyong—inyong makikita ang sinasabi ko. Pero siguraduhin n'yo muna na nasa pokus Ito, unang-una, kita n'yo.

²⁵⁹ Kaya heto na nga't nakatayo roon, nakatanaw, at pumasok ako sa pangitain na 'yun. At habang naroon ako, may nakita akong sikat na personalidad na nagpunta roon sa likuran ng isang dako roon. At sila'y . . . Sabi ko, "Buweno, papunta sila dun sa seksyon na 'yun na para sa mahahalagang tao." Haya't lumalakad nga sila sa gawi *rito*. At naisip ko, "Buweno, aawit pa ako ng isa habang papalapit 'yung binibini." Nakasuot siya nang makaluma.

²⁶⁰ Ngayon, ilan sa inyo na mga kababaihan ang maaalala pa 'yung ganung kasuotan, na nung araw nagsusuot sila ng kung anong uri ng saya, na parang, pabilog *rito*, at dire-diretso 'yun pababa sa ibabaw ng sapatos na marami ang pagkakasintas. At parang may malaking pabilog 'yun na . . . Ano nga uling tawag n'yo dun, parang—parang itong suot ngayon ng binibining ito *rito*? Blusa yata. Blusa, basta parang ganun, at malalaki talaga 'yung mga manggas nun. Naaalala n'yo ba 'yun? At natatakpan hanggang sa leeg dito, na may parang maliit na kung anong butones na paganoon na hanggang dito. Tapos, may malaking sumbrero rin, na nakababa nang kaunti sa gilid dito. At 'yung mga kababaihan, nung araw, mahahaba ang buhok nila noon. Kaya inilulugay nila 'yun nang *paganito*, at pinapatungan nila ng sumbrero, at lalagyan nila ng pang-ipit, alam n'yo, para di 'yun malaglag, dahil nung araw ay sumasakay-sakay sila sa matagtag na kabayo at mga ganoon.

²⁶¹ Kaya heto na nga't papalapit 'yung binibining ito, at ang lahat ng mga naroon ay nagbibigay galang dun sa binibini. At naisip ko, "Buweno, dun nga siya sa seksyon ng mahahalagang tao pupuwesto."

²⁶² Hayan na nga, pagkatapos, ang sabi ko, "Sige't minsan pa, lahat naman *dito* sa gilid na ito, 'Dalhin sila.' Ngayon sa mga *narito* naman, 'Dalhin sila.' Pagkatapos lahat ng nasa gitna, sabay-sabay na ngayon ang lahat. 'Dalhin kay Jesus ang mga bata.'"

263 Matapos na sabihin ko 'yun, 'yung binibini nga'y pumasok na dun sa seksyong 'yun. Kitang-kita ko nga, na nung pumasok na siya dun sa seksyong 'yun, tumindig ang lahat. At para bang napapa *ganito* 'yung mga tao, kinikilala siya, at kinikilala rin niya sila.

264 Naisip ko, "Buweno, oras na marahil para mangaral ako. Mananalangin ako para sa mga maysakit." Tumayo ako roon sa may—sa may pulpito, nang *paganito*, at 'yung pakuwadradong seksyon ay halos ganito lang, oh, ganitong kalapit sa kapatid na lalaking ito na nakaupo *rito*. Tapos bumaling ako, nang *paganito*.

265 Sa isip-isip ko, "Buweno, ngayon, yuyuko 'yung binibini sa direksyon ko, kaya makikilala ko siya." At kaya nung bumaling na ako, haya't nakayuko na ang ulo niya noon, nang *paganito*. Iniyuyuko ko na rin ang ulo ko, nang *paganito*. At nung iangat ko na 'yung ulo ko, nang sabay, napatingin ako sa kanya, si nanay pala 'yun, batang-bata, napaka ganda.

Tumingin ako sa kanya. Sabi ko, "Nanay?"

Sabi niya, "Billy."

266 At biglang, kumidlat sa palibot ng gusali, dumagundong ang kulog, at may pagyanig. At may Tinig na nagsabi, "Huwag kang mangamba tungkol sa iyong ina." Sabi, "Siya'y kung ano siya noong 1906."

Tapos sabi ko, "Ano, 1906?"

At si Meda ay nagsalita, "Anong nangyayari sa iyo?" Yung maybahay ko po.

Sabi ko, "Honey, 1906, anong mayroon noong 1906?"

Sabi niya, "Bakit?"

Sabi ko, "Isang pangitain, nakita ko si nanay na nakatayo *rito* mismo."

Sabi, "Nakita mo ang ano?"

Sabi ko, "Nakita ko si nanay."

Sabi, "Sigurado ka ba, Bill?"

267 Sabi ko, "Oo. Nakatayo siya *rito* mismo, at napaka ganda niya. At ang sabi Niya . . ." Sabi ko, "Isa siyang batang-batang binibini."

268 Kaya pumunta ako't kinuha ko 'yung mga lumang talaan ng pamilya namin. Alam n'yo ba kung ano siya noong 1906? Nobyang ikakasal sa tatay ko. Yun 'yung taon na ikinasal siya. Ngayon siya'y bahagi na ng isa uling Nobyang ikakasal, Nobya ng Panginoong Jesus.

269 May nagpadala nga sa akin mula sa isang lugar ng isang singkong barya. Narito nga 'yun sa bulsa ko, 1906.

270 “At Siya, ang Espiritu Santo, kapag Siya ay naparito, ihahayag Niya ang mga bagay na ito sa inyo na sinabi Ko, at ipapakita sa inyo ang mga bagay na darating.”

271 Ngayon, ano nga 'yun? Yung lakad na 'yun sa pangangaso ay nagmistula palang bagay para patatagin ako, kita n'yo. Isa sa pinaka mainam na lakad na pinuntahan ko, na nabigyan ako ng kaalaman dun, sa malaking pagkabigla na ito. Pag-ibig nga 'yun. At, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung ang lahat ng iba pang mga pangitain na ito ay ganap na tamang-tama, na mga bagay na ipinakita ng Espiritu Santo, mangyari talagang ang Espiritu Santo ito. Sinabi ng Biblia, na, “Kung mangyari ito, kung ganoon Siya iyon.”

272 Kung ganoon, grabeng pag-asa pala itong nakamit natin! Balang araw lilisanin natin ang lugar na ito. Babalik tayo sa pagiging kabataang lalaki't babae, hindi na mamamatay kahit kailan. Mas nanaisin ko ngang matanto 'yun kaysa sa isipin ko na magiging pangulo ako ng buong mundo at mabubuhay ng isang milyong taon. Mas nanaisin kong mapagtanto na ako'y nasa kamay ng Diyos.

273 At ako nga'y natutuwa na mabatid, sa gabing ito, na ang siya ring Jesus na nagsabi ng pahayag na 'yun, anupa't Siya'y narito, matapos ang dalawang libong taon. Kita n'yo, di nga ito puwedeng lumipas. Ito'y Walang Hanggan. At Siya'y siya ring Jesus ngayong gabi kung papaano Siya nung araw na 'yun nang bitiwang Niya ang pahayag na ito. At mapasa hanggang ngayon ay papatotohanan Niya ang Salitang ito, kung magagawa natin lamang itong sampalatayanan. Sinasampalatayanan n'yo ba? [Sinasaki ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

274 “Kapag Siya, ang Espiritu Santo, ay dumating, hindi Siya magsasalita patungkol sa Kanyang Sarili. Kundi kukunin Niya ang mga bagay, na sa Akin,” ang Salita po, “at ipapakita ang mga ito sa inyo. At pagkatapos, gayundin, na ipapakita Niya sa inyo ang mga bagay na darating.”

275 Sa aklat ng—ng Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata, ang sabi ng Biblia, “Ang Salita ng Diyos ay matalas. . . .”

276 Ngayon, Sino po ang Salita? Si Jesus. “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. Ang Salita ay nagsalaman. Nanahan. . . .”

277 “Ang Salita ng Diyos ay matalas kaysa sa alinmang tabak na may dalawang talim, bumabaon hanggang sa paghihiwalay, at hanggang sa utak ng buto, at madaling Kumikilala sa mga pag-iisip ng puso.”

278 Yan nga ang ating Diyos. Hindi tayo napapariwara, mga kapatid. Tayo'y narito pa rin sa biyaya ng Diyos. Akin—akin ngang nararamdaman, na dito sa pangungusap ko ng anumang bagay, haya't mangungusap ako na tapos na ang mga ito. . . . At gaya nga ng nabanggit ko kagabi, nung 'yung mga alagad ay

sinasariwa nila ang pagtitipon na nagkaroon sila nung isang araw bago 'yun, sabik na sabik sa kasunod, pero nakalimutan naman nila ang mismong Manlilikha ng hangin at mga alon na naroon sa bangka't nakahiga.

²⁷⁹ Ang Diyos na siya ring naroon sa kabundukan dun noon, na naglagay sa silver-tip na grizzly, sang-ayon sa Kanyang Salita, na nakalatag na ngayon sa sahig, bilang patotoo.

²⁸⁰ Ngayon, kung gusto n'yo ngang sulatan ang lalaking 'yun, sulatan n'yo lang si Bud Southwick, S-o-u-t-h-w-i-c-k, Bud Southwick, Fort Saint John, British Columbia, at hintayin n'yo lang na sumulat siya pabalik sa inyo. At siyanga rin pala, kung nagplaplano kayo ng lakad para mangaso, hayun nga rin ang isang mainam na lalaki na makakasama sa inyo.

²⁸¹ Ngayon tingnan n'yo nga. Naikuwento niya 'yun sa lahat ng mga mangangaso sa pagpapabalik-balik niya sa daan dun, na sa palagay ko magkakaroon ako ng isang tunay na pagtitipon sa dakong 'yun sa susunod na magpunta ako roon, sa mga taga-sama sa pangangaso dun, siyanga, na haya't ang makita nga ang mga bagay na 'yun na sadyang naganap sa paraan na dapat silang maganap. Nung isang taon pa 'yun.

²⁸² Ito nga'y itong taon na, ngayon mismo. Ang siya ring Jesus na 'yun na nagbitiw ng pangako, ang sabi, "Hindi Kita iiwan ni pababayaan man. Ako'y sasainyo palagi, maging hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁸³ Sa ganitong klase ng mga pagpapatunay, sa ganitong klase ng katotohanan na pinapatotohanan, positibong katotohanan, papaano pa ngang may mararamdaman pa rin tayong ibang pakiramdam na anupa't ang dapat sana'y nanaisin nga nating tagusin 'yang bubong na 'yan, at makalangit na agawin na? Nahahayaang ba natin ang mga bagay-bagay sa sanlibutan na gawin tayong mga manhid, sa kung ano bang paraan na 'yan? Samantalang, nakikita na natin itong mahahalagang bagay na ito na positibo nga, at pinatunayan na katotohanan talaga.

²⁸⁴ Ngayon, bawat isa rito na may sakit, kung inyo lamang masasampalatayanan ang siya ring Isa na 'yun na gumawa ng pangakong 'yun, at ang siya ring Isa na 'yun na nag-alis nung epilepsy sa kabataang lalaking 'yun, sa lalaking 'yun, anupa't Siya rin ang siya ring Diyos na narito mismo ngayon. Kung magagawa ko nga lang na alisin ang sakit na 'yan sa inyo, aba'y gagawin ko po, pero hindi ko nga magagawa. Binayaran na Niya kasi ito para sa inyo, at ang tangi't nag-iisang bagay na gagawin n'yo ay sampalatayanan ito.

²⁸⁵ Ano kaya kung 'yung kabataang lalaking 'yun ay nung bigla siyang sumpungin, ang sinabi nung munting babaing 'yun ay, "Ngayon, ano naman kaya ang kinalaman nung kamiseta dun?" Siyanga't hindi nga 'yun gagana kung sa iba. Kita n'yo?

Sa kabataang lalaki lang, dahil 'yun ang ipinadala sa kanya. Si Naaman nga'y lumubog sa ilog nang makapitong ulit; pero kung iba 'yun, na lulubog dun, marahil di nga sila gagaling sa kanilang ketong. Kita n'yo? Pero pansinin n'yo. Yung Kanyang sabihin mismo ang katotohanan, isang pinagtibay, na ganap na katotohanan.

²⁸⁶ Ngayon, lumalalim na ang gabi, para tumawag pa ng pila para sa pananalangin. Haya't—haya't huminto muna tayo rito pansumandali.

²⁸⁷ Magbulay muna tayo. Ipinangako nga ba 'yan ng Diyos? Tanging ang tunay na Espiritu Santo lamang ang makagagawa nun. Tama po ba? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno, sino ngang makapagsasabi na hindi Siya ang Espiritu Santo? Samantalang Siya namang talaga. "Ako at ang Ama ay Iisa." Ang Espiritu Santo ay ang Kanyang Ama. "Ang babae'y manganganak. Ang Banal na Sanggol na ipagdadalang-tao niya ay sa Espiritu Santo." Kaya, ang Espiritu Santo at ang Diyos ay ang siya ring iisang Espiritu, at Iyon ay nasa Kanya.

²⁸⁸ At masdan n'yo nga kung anong ginawa Niya nung hipuin ng isang babae ang Kanyang damit, noong tumanaw Siya sa mga naroon at tinalos ang pag-iisip nila. Hindi ba't 'yan mismo ang sinabi ng Salita, na, "Ang Salita ng Diyos ay matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, isang Kumikilala ng mga pag-iisip ng puso?" [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ba't Kanyang ipinangako 'yun, sa San Juan 12, o San Juan 14:12, na, "Ang sumasampalataya sa Akin, anupa't ang mga gawa na Aking ginagawa'y gagawin din naman niya?" ["Amen."] O, nabigo na ba ito kahit kailan, hindi ba't sadyang 'yun ang katotohanan?

²⁸⁹ Kung ganun, narito ang Diyos. Narito Siya para pagalingin ang bawat isang narito. Narito Siya para ilitas ang bawat kaluluwang naliligaw. At bago ako tumawag ng pagdulog dito sa altar, yamang nararamdaman kong may pangunguna sa akin na gawin ito, kita n'yo, para tumawag ng pagdulog sa altar, tayo nga'y dumulog muna sa Kanya. Ilan sa inyo rito ang handa n'yong isantabi, o sabihin, "Kung magagawa kong. . ." Marahil may mga baguhan dito, na magsasabi, "Di ko pa nasasaksihan mismo ang mga pagtitipon. Narinig ko—narinig ko na ang mga tao na pinag-uusapan nila ang tungkol sa mga ito, pero di ko pa—di ko pa ito nasasaksihan mismo. Mapapalakas nun ang puso ko kung makikita ko mismo ang Presensya ni Cristo na bababa't lalakip sa mga tao't gagawin ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon." Mapapalakas ba nito ang loob n'yo? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁹⁰ Iyuko po natin ang ating mga ulo; kaunting pagdulog lang. Bawat mata'y nakapikit na. Ngayon hayaan n'yo ang Espiritu, na lumakip sa Salita.

291 Ngayon, Ama, ako po, sa hustong naaabot ng nalalaman ko kung paano, natatalos Mo ang aking puso. Yamang nalalaman ko na ang mga taong ito rito ay hindi kumportable sa init dito ngayon, at sila nga'y siksikan pa, nakatayo, pero sila nga po'y tunay na matiisin. Nakikinita ko nga ang siya ring parehong uri ng mga tao na nakatayo sa baybayin nung araw na 'yun at pinakikinggan Ka na nagsasalita sa bangka. At mangyaring sinabi mo sa kanila, "Magpunta kayo sa malalim at ihulog n'yo ang lambat para makahuli ng isda." Hindi nga tingnan kung may isda nga ba roon. Naroon ang mga isda.

292 At ganoon na lamang ang dakilang mga salita na 'yun na sinabi ng isang alagad na 'yun, "Panginoon, buong magdamag kaming nangingisda at wala kaming nahuli; subalit ganoon pa man, sa Iyong Salita ay ihuhulog namin ang lambat." At nung tumalima nga sila sa Iyong Salita, nakahuli sila ng ubod ng dami na mga isda, na anupa't ang mga lambat nila ay unti-unti nang napupunit.

293 Panginoong Jesus, di na nga nakapagtata kang maraming mga kababaihan ang iniwan nila ang kanilang labahin nung umagang 'yun, maraming kalalakihan ang iniwan nila ang kanilang sakahan, ang kanilang mga tanim, mga mangingisda na iniwan nila ang kanilang mga lambat, para pakinggan ang Salita ng Diyos. Panginoong Jesus, kung Ikaw nga'y narito ngayong gabi sa pisikal na anyo, malabo ngang mangyari na higit pa sa mga dumako rito para magtipon, ang magtitipon. Pero heto ngang ang mga taong narito ay nananampalataya na Ikaw nga'y di patay, na bumangon Ka mula sa patay, at Iyong inihahayag ang Iyong Salita at tinutupad ang Iyong Salita, ito pong Salita na binasa ko sa kanila mula rito sa banal na mga Kasulatan ngayong gabi.

294 At katulad nga noon na ang aming Panginoon nung isang beses ay inabutan ng Biblia, o ng—ng Balumbon ng aklat, at Kanya 'yung binasa, at naupo Siya. At ang sabi Niya, "Sa araw na ito ang Kasulatang ito ay naganap na."

295 Iyo pong tulutan na maganap ito muli, Panginoon. Matulot nawa na ito'y mangyari uli, na sa mismong araw na ito, sa mismong gabing ito, na ang Kasulatan na binasa ko'y maganap. At panay ito ang itinuturo namin, sa buong sanglinggo, na iyon mismo ang pinaka bagay na magpapatotoo sa huling panahon. At ang mga puso namin sa pag-uwi, ay magiging masaya.

296 Marahil marami sa mga narito, Panginoon, na Ikaw nga'y nangungusap sa kanila. Iyo pong tulungan kami na malaman namin ang Iyong Salita, na ang Iyong Salita na pinagtibay ay ang Katotohanan. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

297 At habang nakayuko ang aming mga ulo, gusto ko lamang makita, para payapain ako sa pangangaral. Ilan sa inyo rito, ang di pa tunay na ipinanganak na muling Cristiano? Ngayon,

marahil kayo'y nagsisimba, pero hindi po 'yan ang tinutukoy ko. Kayo'y...kung kayo'y di pa naipapanganak na muling Cristiano, pero nananampalataya kayo na may buhay na Jesus, isang tunay na Espiritu Santo, at kayo nga'y nagnanais na maalaala sa Kanya sa oras na ito. Maaari n'yo po bang, habang nakayuko ang bawat ulo ngayon, at nakapikit ang mga mata, na sige po't itaas n'yo lamang ang inyong kamay sa Kanya, "Panginoon, alalahanin Mo po ako." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Napaka inam po n'yan. Mayroon pa po bang iba?

²⁹⁸ Ngayon, hindi nga po ganoong karami ang bilang natin. Pero, alam n'yo ba, na ang sanlibutan ang tumitingin-tingin sa malalaking bagay at naglalakihang bilang? Gaya ng nabanggit natin nung isang gabi, tanging 'yung munti't, marahang tinig ang nakapukaw ng pansin nung propeta para humarap dun noon na nakatalukbong ang kanyang mukha.

²⁹⁹ Ngayon, magkaroon po kayo ng pananampalataya sa Diyos. Kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, manampalataya kayo sa Diyos. At kung ang ating dakila't, mabuting Panginoong Jesus ay paparito kung saan nakabuklat dito itong Salita, ang Sarili Niya mismong Salita, na nakabuklat, at patutunayan sa inyo na itong Espiritu Santo na ito, na ipinapangusap ko, ay ang Katotohanan! Marahil kayo'y nalilito nang marami na ring beses patungkol sa maraming mga bagay, pero ipinapakita lang n'yan na may Tunay talaga sa isang dako. At kapag gagawin na Niya 'yan, gusto ko na kayo na mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, na dumulog, tingnan n'yo po ako, pansumandali.

Ngayon maaari n'yo nang itaas ang inyong mga ulo.

³⁰⁰ Panginoong Jesus, Iyo pong hawakan ang gawaing ito sa Iyong mga kamay ngayon. Ako'y Iyong lingkod. At mangyaring sa lahat ng pangangaral na ito. . . Isang Salita lamang na galing sa Iyo ay higit ang halaga sa lahat ng masasabi namin sa buong haba ng buhay namin; kahit isang Salita po lamang. Iyo po itong ipagkaloob, Ama, habang itinatagubilin ko ito, itong mga patotoong ito. Batid Mo na ang mga ito'y totoo, Ama. Ikaw po Mismo ang May bigay nito sa amin. At ni minsan ay hindi ito kailanman nabigo. Iyo po itong ipagkaloob, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³⁰¹ Ngayon, ilan po sa mga narito, ang walang prayer card, na sila'y may sakit? Itaas n'yo po ang inyong mga kamay, saanman kayo rito sa gusali, na walang prayer card, at may sakit. Sige po. At sila naman na may mga prayer card, itaas n'yo po ang inyong kamay. Halos pantay lang. At magkakahalo sila.

³⁰² Ngayon, sa pagtunghay ko sa mga tagapakinig dito, unang-una, kinakailangan kong maging tapat sa harapan ng Diyos, at sa harap n'yo. Alam ko, na sa pagtingin ko sa banda *rito*, hayan

ang ilan sa aking mga kaibigan na nakaupo sa sulok na *ito* rito. Si Kapatid na Noel, ang kanyang—kanyang . . . at si Kapatid na babaing Jones, at Kapatid na Outlaw, maging ang anak ko, at ang isang kapatid na lalaki *rito*, at si Kapatid na Moore. Di ko po masyadong kilala ang kapatid na lalaking *ito*, pero nakita ko na siya sa mga pagtitipon, nang makailang beses na. Hindi ko rin maisip ang pangalan ng kapatid na *ito*, hayan nga, pero nakikilala ko siya sa mukha lang. Ang kapatid na babae *rito*, si Kapatid na babaing Williams. Si Kapatid na babaing Sharritt na nakaupo rito sa sulok. Doon sa likurang-likuran naman ay ilang mga kapatiran mula sa tabernakulo sa Jeffersonville.

³⁰³ Nakaupo naman dito ang isang minamahal na matanda ko nang kaibigan, siyamnapung taong gulang, na nanggaling pa ng Ohio, nagmaneho patawid ng lalawigan. At ako’y sasadya po sa Aprika, at kaya naman siya at ang kalugud-lugod niyang asawa ay nagtanong kung puwede silang magpunta sa Aprika kasama ko. Sabi, “Sagot namin ang gastusin . . .” Siyamnapung taong gulang, isang kapatid na Aleman, nung panahon na ’yun ay di pa nakakakilala sa Panginoon. Noong nangangaral ako isang gabi, siya nga’y lumapit na suot-suot pa nga niya ’yung mamahalin niyang damit, para magpabautismo. Siyamnapung taong gulang po! Maliban sa . . .

³⁰⁴ Sa tingin ko, oh, ito si Kapatid na Waldrop at Kapatid na babaing Waldrop na nakaupo *roon*. Ngayon, sila-sila po lang siguro ang . . . at si Kapatid na Borders. Ngayon, sila-sila lang po talaga.

³⁰⁵ Ngayon, sila lang ’yung nababanggit ko mismo ’yung mga pangalan nila. Ngayon, kung ganoon ang pagkakakilala n’yo sa akin, hindi n’yo na kailangang ipanalangin pa ang ganito. Kita n’yo? Ako lamang po’y ipanalangin n’yo. Kita n’yo?

³⁰⁶ Pero hangad ko nga na sa mga hindi nakakakilala sa akin, at alam nila na hindi ko sila kakilala. Gusto kong sabihin n’yo sa inyong puso, “Panginoong Jesus, napakinggan ko na itong naipangusap ngayon. Narinig ko—narinig ko ang mangangaral na ito ngayong gabi na binasa niya ito mismo mula sa Biblia. Napakinggan ko ang mga patotoo na ’yun, at napakinggan ko na pare-pareho, alam n’yo, na sa iba’t ibang pagkakataon ay talagang nagaganap ’yun. Kami po ba’y nalalapit na talaga sa dulo, Panginoon? Kami po ba’y ganoon na lamang kalapit?”

³⁰⁷ Alalahanin n’yo, nung ang tanda na ’yun ay ipangyari dun sa Sodoma, yaong siyudad na ’yun na tinupok, tinukoy ni Jesus ’yun, na ang sabi, “Kung papaanong . . .” Yun nga ang pinaka huling tanda na tinanggap nila bago wasakin ang siyudad. At sinabi ni Jesus na mauulit uli ’yun sa pagparito ng Anak ng tao.

³⁰⁸ Ngayon, alam n’yo nga na tama ’yun, na kung papaanong, ang Diyos, ang Diyos ay nasa laman noon! Ilan ang naniniwala na ang Diyos nga ’yun na nakipag-usap noon kay Abraham?

[Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siyanga. Buweno, sinasiabi nga ng Biblia’y, “Elohim,” kaya, ’yun, ’yun nga ang—ang—ang dakilang Manlilikha ng kalangitan at lupa, ang Isa na ’yun na may buong-kasapatan. Siya nga.

³⁰⁹ Anong ipinapakita Niya roon? Siya’y nasa katawang tao, nakatayo roon at kumakain ng karne ng baka, at umiinom ng gatas mula sa baka, at pagkatapos magagawang maglaho nang isang iglap sa paningin. “Dadalawin Kita sa panahon na Aking ipinangako sa iyo.” Kita n’yo? Tinawag siya sa pangalan niya. At habang nakatalikod Siya, sinabi, “Saan naroon si Sarah?”

Sabi, “Nandiyan siya sa tolda sa likod Mo.”

Sabi, “Dadalawin Kita sa tamang panahon.”

³¹⁰ At si Sarah ang sabi niya . . . [Nagmuwestra si Kapatid na Branham ng isang tahimik na muwestra—Pat.] . . . doon sa loob ng tolda.

³¹¹ Ang sabi Niya, “Bakit tumawa si Sarah?” Naalala n’yo, ang sabi ng Biblia na naroon siya sa loob ng tolda sa likuran Niya. Sabi, “Bakit tumawa si Sarah?”

Ang sabi ni Sarah, “Hindi po.”

Sabi, “Siyanga, tumawa ka.” Kita n’yo? Ganoon mismo.

³¹² Isang Tao na nakatayo roon, ang Diyos na ipinapakilala ang Kanyang Sarili sa katawang-tao. Sinabi ni Jesus na ganoon din ang magaganap sa pagparito ng Anak ng tao: ang Diyos na nasa Kanyang Iglesya, sa iyo, sa akin, na ipinapakilala ang Kanyang Sarili. Ngayon, may isang abang babae minsan . . .

³¹³ Noong ang Diyos ay nakay Cristo, taglay nga Niya nang ganap ang Espiritu. Siya ay Diyos. Ako’y isa lamang sa mga lingkod Niya, at kayo rin ay isa sa mga lingkod Niya. Ang tinataglay natin ay ang—ang Espiritu na may—na may sukat lamang. Kanya namang tinataglay Ito nang walang sukat. “Sa Kanya nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman.” Itong taglay ko sa akin ay munting kaloob lang, at ’yang taglay n’yo sa inyo ay kaloob din, mula sa Kanya. Pero, kahit na gaano pang kaliit ’yan, ay siya pa ring parehong Espiritu.

³¹⁴ Ngayon, kung ’yun po ang siya ring Espiritu ng Diyos, ang gagawin nga Nito’y ang siya ring mga gawa ng Diyos. Ngayon, kayo nga’y manalangin at sabihin, “Panginoong Jesus, isang aba na babae ang minsang humipo sa Kanyang damit.” At atin ngang masasabi . . .

³¹⁵ Dito po sa Bagong Tipan, sinabi niya sa Mga Hebreo, ang sabi niya, “Siya ang Dakilang Saserdote ngayon mismo, na nahihipo’t nahahabag sa ating mga kahinaan.” Ilan po rito ang nakakaalam na ’yan nga ang sinasiabi ng Biblia? Magsabi ng, “Amen.” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siyanga. Buweno, totoo talaga ’yun.

316 Buweno, kung Siya nga'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, papaano Siya tutugon sa inyo? Kagaya nga ng ginawa Niya noon, yamang Siya'y siya pa rin ngayon.

317 Ngayon, manalangin kayo at sabihin, "Panginoong Jesus, Iyo pong itulot na mahipo ko ang Iyong damit. At pagkatapos, Iyong pagkalooban si Kapatid na Branham ng munting kaloob, upang palakas ang aming pananalig. At hindi nga niya ako nakikilala. (Heto akong nakaupo sa likod na likod *dito*; at sa banda *rito*, at sa ibaba *rito*; at saanman ako nakaupo. . .) Hindi nga niya ako nakikilala, pero Iyo naman po akong nakikilala. At Iyo nawa pong itulot na masaksihan ko ang Iyong dakilang Espiritu, Panginoon. Hindi dahil sa kinakailangan kong gawin ito, pero upang makatulong lamang sa akin na mapalakas ang pananalig ko at ang iba pa na narito, dahil nabasa po namin ito sa Salita. Iyo po akong tulutan na mahipo ko ang Iyong damit, na pagkatapos ay tutugon Ka sa akin. Iyong itulot na magamit ako sa gabing ito, Panginoon, para sa layuning 'yun. Ipapakita nito sa lahat ng mga narito na Ikaw nga'y buhay pa rin." Hindi po ba't magiging kahanga-hanga 'yun kung Kanyang gagawin ang bagay na 'yun?

318 Ngayon, kayo po'y bumalik sa ganoong pananalangin, sa inyo pong sari-sarili, nang taimtim. Sabihin, "Panginoon, Iyo pong itulot na mahipo ko ang Iyong damit." Ipauubaya ko po ang aking sarili sa Espiritu, at pagkatapos ang Espiritu Santo na nawa ang bahalang kumilos sa iba pa. Dahil, ngayon, ako'y nakapangusap na, nakapagpatotoo na, pero wala na po akong magagawa ngayon na higit pa. Nasa dulo na po ako ng aking hangganan.

319 Pinagmamasdan ko lamang ang mga taong narito, para makita kung aking. . . kinakailangan kong tumingin, alam n'yo. Nauunawan n'yo po.

320 Dito po sa aking kaliwa, sa medyo likuran, halos gitna na ng gusaling ito, nariyan nga ang isang babae na nananalangin. Malapit na siyang mamatay, kung di siya tutulungan ng Diyos. May kanser siya, at ang kanser ay sa dibdib niya. Oh, nawa'y hindi niya ito mapalampas!

Ako po'y tulungan Mo, Oh Diyos.

Kapatid na babae, kung sasampalatayanan mo lang ito! Oh, grabe! Mapapalampas niya ito.

Panginoong Jesus, Iyo po kaming tulungan, ito ang aming idinadalangin.

321 Mary May. Hayan ka nga. Hindi ba't estranghero tayo sa isa't isa? Hindi kita kakilala. Hindi mo ako kakilala. Hindi ba't 'yun ang kalagayan mo, at lahat ng sinabi ko ay pawang totoo? Kung ganon, sampalatayanan mo. Matatapos na 'yan. Amen.

322 Ngayon, mula sa kadiliman na nakalukob sa ibabaw niya, ito’y naging liwanag na. Kung papaanong singtiyak na ’yung kabataang lalaki, nilisan siya ng epilepsy. Ang siya ring Diyos, ang Siya rin na naroon sa kakahuyan sa hilaga, ay ang siya ring Diyos dito. Patuloy lamang po kayo sa pagsampalataya. Amen. “Kung magagawa mong manampalataya!”

323 Heto nga Ito sa ibabaw ng isang babaing nakaupo rito sa harapan ko. May kung anong problema siya sa likod niya. May nalihis na gulugod, sa likod niya. Siya, siya’y hindi taga-rito. Siya’y taga-Montana. Ang pangalan niya ay Binibining Stubbs. Tumayo ka, tanggapin mo ang kagalingan sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Hindi n’yo kailangang ipagpilitan. Huminahon lamang po.

324 Sa malaking lalaki na nakaupo rito, na nakatingin sa akin, na gumalaw nang *paganito*. Manampalataya ka. Gagaling ka. May sakit ka na pagkanerbiyos. Kung sasampalatayanan mo ito, pagagalingin ka ng Diyos.

325 Ang ginang naman na may sakit na pambabae. Sige po’t manampalataya ka’t, gagaling ka. Umuwi ka sa iyong tahanan, at manampalataya sa Diyos. Bakit ko sinabi na umuwi ka? Sa New Mexico pa kasi kayo uuwi, para makauwi dun, G. at Gng. Watkins. Ngayon, alam n’yo na di ko kayo kakilala. Amen.

326 Ang binibini naman sa likod mo, na may nagnananang sugat sa binti, Binibining Brown. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? May paghahangad ka nga sa iyong mukha. Ngayon, alam mo na di pa kita nakikita kahit kailan sa buong buhay ko. Haya’t sa kaliwang binti nga. Ngayon, kung sasampalatayanan mo lamang ito nang buong puso mo, ikaw nga’y gagaling.

327 Sa ginang na sinusubukang makakilos, haya’t may arthritis siya. Talagang nililimitahan siya ng sakit na ito, nang husto. Gng. Fairhead, kung sasampalatayanan mo po ito nang buong puso mo, haya’t gagaling ka. Ngayon, alam mo nga na di pa kita nakikita sa buong buhay ko. Mangyaring, oh. . . [Sinabi ng kapatid na babae, “. . . pinagaling na dati. Pinagaling na ako noon, at alam kong pagagalingin ako Nito.”—Pat.] Amen. Oo.

328 Sinasampalatayanan n’yo na ba ito nang buong puso n’yo ngayon? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, anong gagawin Niya? “Kukunin Niya ang mga bagay na sinabi Ko sa inyo, at ipapakita ang mga iyon sa inyo. At pagkatapos ipapakita Niya sa inyo ang mga bagay na darating.” Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? [“Amen.”] Sinasampalatayanan n’yo ba Siya? [“Amen.”]

Ngayon, iyuko natin muli ang ating mga ulo.

329 Ngayon, kayo na nalalaman n’yo na kung yayao kayo sa buhay na ito ngayon, kayo nga’y. . . di na. . . kayo’y paparam

na, di na kayo maipapanganak na muli. “Malibang ang tao ay ipanganak na muli ay di niya makikita ang Kaharian.” Kaya bakit di n’yo gawing dumulog na *dito* pa lang ngayon? Kayo po’y tumayo rito at hayaan n’yong ipanalangin namin kayo, dito, sa ilang sandali? Magagawa n’yo na po bang makalapit ngayon sa Presensya ng Espiritung ito?

³³⁰ Wala nga kayong masasaksihang pangyayari na mas higit hanggang sa masaksihan n’yo ang Pagparito ng Panginoon. Ngayon, pagkatandaan po lamang. Tunay na nalalaman ko ang bagay na sinasabi ko, o kung hindi’y di Niya ipagkakaloob ang ministeryong ito. Huwag na huwag n’yo itong palalampasin ngayon. Kayo po ba’y sinsero na?

³³¹ Magagawa n’yo po bang lumapit? Kung hindi, haya’t, nasa pagitan n’yo na ‘yan at ng Diyos, nakasalalay. Ako po’y walang magiging kinalaman na riyan. Ako’y malinis na sa lahat ng anumang dugo, dahil sinabi ko na sa inyo ang Katotohanan. Naipangaral ko na ang Salita. Sinabi ko na sa inyo kung ano Siya. At Siya, haya’t sa Kanyang pagparito, pinatunayan Niya na Siya’y ganoon pa rin tulad noon; at pinahihintulot Niya na mapatunayan ko na Siya pa rin ito ngayon. Siya’y siya rin kung paano Siya noon. Sinasampalatayanan n’yo po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

³³² Kung ganoon, ilan po rito ang may sakit ngayon, mga iba pa na may sakit? Itaas n’yo po ang inyong mga kamay.

³³³ Ngayon magpatungan po kayo sa isa’t isa ng inyong mga kamay, at manalangin tayo ng panalangin ng pananampalataya para sa inyo.

³³⁴ Ngayon gusto ko pong tanungin kayo ng isang bagay, nang mataimtiman. Kung ang Diyos—kung ang Diyos ay nagawang pumaroon at gawin ang himalang ‘yun! Ang isang himala ay isa ngang bagay na hindi kayang ipaliwanag. Ngayon, kung gusto n’yong tanungin ang kahit sino sa mga tao rito sa palibot, sige po’t tanungin n’yo lamang sila, kailan man saanman. Kita n’yo? Alalahanin n’yo nga, ang Diyos ito. Itong narito ngayon ay mumunting mga pangitain lang. Sino, sino, ano ang gumagawa nun? Kayo, kayo mismo. Kayo mismo ang gumagawa nun.

³³⁵ Nakita n’yo, nung hipuin nung babae ang Kanyang damit, ang sabi Niya, “Lumabas ang bisa sa Akin.” Pero nung ipakita sa Kanya ng Ama ang tungkol kay Lazaro, at nung Siya nga’y lumakad na’t bumalik, at ibinangon si Lazaro mula sa patay, hindi Niya sinabi dun na “bisa.” Ang Diyos nga ‘yun doon na ginagamit ang Sarili Niyang kaloob, at dun sa isa namang pagkakataon ay ang babae ang gumamit sa kaloob ng Diyos.

³³⁶ Hindi ako ang kaloob ng Diyos. Si Jesus Cristo ang Kaloob ng Diyos. Isa lamang itong kaloob na ibinigay Niya sa akin, na ipinanganak akong ganito na noon pa, na ‘yung pangalawang kamalayan at kamalayan (unang kamalayan) ay magkalakip na

magkasama. Hindi mo na nga kailangang makatulog pa; basta't makikita mo na lamang ito. Dumarating ang Espiritu Santo sa pangalawang kamalayan gaya ng ginagawa nito sa unang kamalayan. Kung sa pangalawang kamalayan ito dumarating, ikaw nga'y magkakaroon ng espirituwal na panaginip. Ito nga'y dumarating na lang sa akin, nang hindi ako nananaginip. Basta't tutunghay lang ako sa isang dako at makikita ko na 'yun. Kita n'yo? At, ipinanganak na tayong ganito na, hindi mo nga magagawa ang sarili mo na maging ganoo't ganito ka na iba. Sadyang ipinanganak kayong ganoon. Kita n'yo? "Ang mga kaloob at ang mga pagtawag ay hindi mababago." Ano ngang gagawin nito? Ang maipahayag si Jesus Cristo. Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

³³⁷ Habang nakapatong ang mga kamay n'yo sa isa't isa, ako po'y umaasa na ilalagak n'yo ang inyong puso sa pangangalaga ng Diyos ngayon, "Panginoon, ako'y Iyong saliksikin. Ako po ba'y pinapaging manhid na ng mga bagay ng sanlibutan, na ako'y nabigo na tuloy na makita ang dakilang oras na ito na dumaraan?"

³³⁸ Nalalaman n'yo nga ito, na ganito nga sa tuwina. Pumasok na ito mismo sa kaiglesyahan, at di nila 'yun namamalayan. Nasa kasaysayan po ito. Huwag n'yo ngang palampasin ito, mga kaibigan, na haya't nakikita n'yo na ang bawat salita na anupa't pinatutunayan na, nang paulit-ulit, nakikita na ang Salita ng Diyos na nahahayag na, at ang mismong Persona ni Jesus Cristo ay lumukob na mismo sa kalagitnaan ng mga tao at ginagawa nang sadyang eksakto ang Kanyang ginawa noon.


³³⁹ Makalangit na Ama, nadarama ko ngayon, Panginoon, na ang Iyong Salita ay nabasa na. Ang patotoo ay nasambit na. Ang Espiritu Santo'y bumaba na't pinagtitibay ang Salita na 'yun at ang patotoo. Ngayon ito'y nasa mga kamay na ng mga tao, Panginoon. Nasa mismong pinaka harap na nila ito. Wala na po akong iba pang nalalaman na sasabihin. At wala akong ibang nalalaman na Iyong isinulat sa Salita, na Iyong gagawin, dahil Iyo na silang pinagaling. Ang natitira na lamang ay ang magawa nilang sampalatayanan nila ito. At Ikaw nga mismo'y nagpapangyari ng isang bagay katulad nito, at papaano pa nga kaming makakapag-alinlangan dito? Papaano pa nga namin magagawa na hahayaan lang namin basta si Satanas na gawing manhid ang aming budhi?

³⁴⁰ Satanas, iginagawad ko ang kagalingang ito sa mga tao, at sinasabi ko sa iyo, "Inuutusan kita, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, na lumayas ka ryan. Lumayas ka, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at pakawalan mo ang mga taong ito."

³⁴¹ Ngayon, kung sinasampalatayanan n'yo Siya, tumindig po kayo. Sumasampalataya ba kayo? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen,"—Pat.] Magsitayo kayo kung ganoon, at magbigay ng

papuri sa Diyos. Tumayo at sumampalataya. Huwag na huwag n'yo na itong pag-alinlanganan pa.

³⁴² Sa Pangalan ni Jesus Cristo, mangyari ngang ang Espiritu Santo'y magdulot ng kagalakan, kapangyarihan, Pagkabuhay na mag-uli sa mga taong narito, Panginoon.

³⁴³ Papurihan n'yo Siya ngayon, at dakilain ang banal Niyang Pangalan. Iniibig natin Siya. Pinupuri natin Siya. Sinasamba natin Siya, ang Isa na walang kapantay, ang Isa na Walang Hanggan, ang Anak ng buhay na Diyos. Sa Kanyang Pangalan, ay atin Siyang tinatanggap. Siya'y narito. Amen. 

ESPIRITU NG KATOTOHANAN TAG63-0118
(Spirit Of Truth)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Enero 18, 1963 sa Church Of All Nations sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org